# YUNIT 3
# Panitikan ng Africa at ng Persia

## MGA INAASAHANG RESULTA

*Sa katapusan ng yunit, inaasahan sa mga estudyante ang sumusunod.*

### Pamantayang Pangnilalaman

Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga akdang pampanitikan ng Africa at Persia

### Pamantayan sa Pagganap

Nakapanghihikayat tungkol sa kagandahan ng alinmang bansa batay sa binasang akdang pampanitikan

## PANGKALAHATANG LAYUNIN

- Nailalahad ang kahalagahan ng pag-aaral at pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Africa at Iran o Persia
- Naisusulat ang isang iskrip ng isang pagtatanghal tungkol sa kultura at kagandahan ng bansang Africa at Iran o Persia
- Nagagamit ang sapat na kaalaman at kasanayan sa gramatika at retorika, tulad ng paggamit ng pamantayan sa pagsasaling-wika; pagsusuri sa mga simbolismo at matatalinghagang pahayag; pagpapakahulugan sa iba't ibang damdamin; at paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe, sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ng mga bansang Africa at Iran o Persia
- Napahahalagahan ang mga akdang pampanitikan ng mga bansang Africa at Iran o Persia sa pamamagitan ng pagtangkilik at paggamit dito

## MALAKING IDEYA PARA SA YUNIT

1. Malilinang ang kamalayan ng mga estudyante sa kultura't tradisyon ng mga bansa sa Africa at Persia sa pagbabasa ng kanilang mga isinaling akdang pampanitikan.
2. Magagamit ang iba't ibang batis ng impormasyon sa pagpapahayag ng sariling pananaw sa pagsulat ng iskrip ng panunuring pampelikula.

## PANIMULA

Ang yunit 3, **Panitikan ng Africa at ng Persia** ay tatalakay sa mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Africa tulad ng Kenya, South Africa, at Congo, gayundin sa mga akdang pampanitikan ng Persia o Iran sa kasalukuyang panahon. Inaasahan na higit na mauunawaan at mapahahalagahan ng mga estudyante ang kultura at tradisyon ng mga bansa sa Africa at Iran sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga akdang pampanitikan na mula sa iba't ibang batis ng impormasyon. Matututuhan din nila ang mga kasanayan at kaalaman sa gramatika at retorika, na kanilang magagamit sa pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ng mga bansang Africa at Iran.

Bilang paglalagom sa mga natutuhan sa buong yunit, inaasahan na ang mga estudyante ay makagagawa ng isang pagtatanghal na makapaghihikayat sa kagandahan ng mga bansang Africa at Iran. Inaasahan din na makagagawa sila ng isang iskrip na magiging gabay sa pagtatanghal.

**Mga Layunin para sa Panimulang Pagtataya**

- Natatalakay ang dating kaalaman at kasanayan sa mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Africa at Iran sa pamamagitan ng panimulang pagtataya
- Naiisa-isa ang mga kaalaman at kasanayan na dapat palalimin at palawakin

**PAMAMARAAN**

**Panimula at Pagganyak**

1. Ipasuri sa mga estudyante ang larawan na matatagpuan sa panimulang bahagi ng yunit 3 sa pahina 198 ng batayang aklat. Itanong: Ano ang ipinahihiwatig ng mga nasa larawan? Magkaroon ng talakayan tungkol sa sagot ng mga estudyante.
2. Sabihin sa mga estudyante na may sasagutan silang panimulang pagtataya bago ang pagtalakay sa mga aralin sa yunit 3.
3. Sabihin na ang iskor na kanilang makukuha sa pagtataya ay magsisilbi lamang gabay ng guro at hindi isasama sa pagmamarka.

**Pagsusuri at Pagtalakay**

1. Pasagutan sa mga estudyante ang *Panimulang Pagtataya para sa Yunit* sa mga pahina 200 hanggang 202 ng batayang aklat. Bigyan ng sapat na oras ang mga estudyante sa pagsagot.
2. Itsek ang mga kasagutan ng mga estudyante. Tumawag ng ilang estudyante upang ibigay ang kanilang mga sagot. Itama ang anomang pagkakamali nila.
3. Mas mabuti kung malalaman ang bilang ng mga estudyante na nakakuha ng tamang sagot sa bawat aytem. Sa ganitong paraan, mas mabibigyang-pansin at pagsasanay ang mga konsepto na hindi nila lubos na nauunawaan at ang mga konseptong hindi pa nila alam.

**Pagbubuod**

1. Itanong sa mga estudyante ang kanilang natuklasan sa sarili, kaugnay ng kanilang kaalaman at kasanayan, matapos masagutan ang pagtataya.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang ipabuod ang mga konseptong kanilang natutuhan.

**Takdang-Aralin**

1. Ipabasa ang "Liongo" sa *Basahin Natin* sa mga pahina 205 hanggang 207 ng batayang aklat.
2. Maglista ng paghahambing sa pagitan ng mitolohiya ng Africa at Iran.
3. Sabihin sa mga estudyante na magsaliksik tungkol sa mitolohiya ng mga bansa sa Kanluran at maghanda para sa malayang talakayan tungkol dito.

**ARALIN 13**

# Ang Misteryo ng Buhay

*Mga Pahina*: 203–215

*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 4

## MGA PAKSA NG ARALIN

**Panitikan:** "Liongo" (Mito mula sa Kenya)

**Gramatika:** Ang Pagsasaling-Wika

## MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Napahahalagahan ang pag-aaral ng mito ng mga bansang Kenya at Iran sa pamamagitan ng pagbabahagi nito sa kapuwa estudyante<br>• Natutukoy ang kahalagahan ng wastong pagsasaling-wika sa pagsasaling-wika ng mga akda ng daigdig<br>• Natutukoy ang mahahalagang detalye at mensahe ng napakinggan o nabasang bahagi ng akda<br>• Naibabahagi ang sariling ideya tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral ng mito ng Kenya at ng Iran<br>• Aktibong nakikibahagi sa lahat ng talakayan at gawain sa klase<br>• Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Iran | **F10PN-IIIa-76** MELC<br>• Naipaliliwanag ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mitolohiya ng Africa at Persia<br>**F10PB-IIIa-80** MELC<br>• Nasusuri ang mga kaisipang nakapaloob sa mitolohiya batay sa:<br>o suliranin ng akda<br>o kilos at gawi ng tauhan<br>o desisyon ng tauhan<br>**F10PT-IIIa-76**<br>• Naibibigay ang pinagmulan ng salita (etimolohiya)<br>**F10PD-IIIa-74** MELC<br>• Nabibigyang-puna ang napanood na video clip<br>**F10PS-IIIa-78** MELC<br>• Napangangatwiranan ang sariling reaksiyon tungkol sa akdang binasa sa pamamagitan ng debate/pagtatalo<br>**F10WG-IIIa-71** MELC<br>• Nagagamit nang angkop ang mga pamantayan sa pagsasaling-wika<br><br>*Natutukoy ang kahalagahan ng wastong pagsasaling-wika sa pagsasaling-wika ng mga akda ng daigdig* |

| | |
|---|---|
| | *Natutukoy ang mahahalagang detalye at mensahe ng napakinggan o nabasang bahagi ng akda*<br><br>*Naibabahagi ang sariling ideya tungkol sa kahalagahan ng pag-aaral ng mito ng Kenya at ng Iran* |

**TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN**

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*
- "Isis at Osiris/Mitolohiya" ni mommaestra sa *https://www.youtube.com/watch?v=zNlqOBa9xag*
- "Masha at Mashayana (Mito ng Paglikha)" ng SefinaTV *https://www.youtube.com/watch?v=jhrxL6dD*-eY

**MGA KAGAMITAN**

- cellphone
- laptop
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

- Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga mitolohiya ng Africa at ng Iran?
- Paano nakatutulong ang pagsasaling-wika sa pag-unawa at pagpapalaganap ng mga akdang pampanitikan ng isang bansa tulad ng Kenya at Iran?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang *teaser* na matatagpuan sa baba ng paksa ng aralin sa pahina 203. Ipaugnay ito sa sariling karanasan o karanasan ng iba.
2. Itsek ang takdang-aralin. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan sa takdang-aralin.
3. Sabihin sa mga estudyante na ang paksang tatalakayin ay tungkol sa mito ng Kenya at ng Iran at tanungin kung sila'y may nalalaman sa kultura ng mga bansang ito.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain sa *Pag-aralan Natin* sa mga pahina 207 at 208 ng batayang aklat. Dito ay tutukuyin nila ang pinagmulan o etimolohiya at kahulugan ng mga salita.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang *Simulan Natin* sa sa mga pahina 204 at 205. Ipasagot din ang mga tanong na kasunod ng gawain at magkaroon ng talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.
2. Muling ipabasa ang buod ng mitong "Liongo" at ang iba pang mga teksto sa *Basahin Natin* sa mga pahina 205 hanggang 207 ng batayang aklat. Magbigay ng sapat na oras para sa pagbabasa nang tahimik.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa mga pahina 208 at 209. Idagdag ang sumusunod na mga tanong:
   a. Bakit mahalaga ang mito bilang isang akdang pampanitikan?
   b. Paano nakatutulong ang mito sa pagpapalaganap ng kultura ng Kanluran?
4. Ipasulat sa pisara ang mahahalagang konseptong kanilang natutuhan mula sa tekstong binasa. Hayaan silang ipaliwanag ang kanilang isinulat na mga konsepto. Lagumin ang mga konseptong nabuo.
5. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa binasang teksto tulad ng sumusunod:
   a. Ang mito, tulad ng iba pang sinaunang akdang pampanitikan, ay nagpasalin-salin sa pamamagitan ng saling-dila. Ito rin ay maituturing na kuwentong-bayan.
   b. Ang mito, bilang isang anyo ng panitikan, ay naglalarawan ng mga gawi at kaugaliang ng isang bansa.
6. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa mga *Tandaan* sa mga pahina 206 at 207.
7. *Birtuwal na Gawain:*
   Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
   a. Ipanood ang "Isis at Osiris/Mitolohiya" sa *https://www.youtube.com/watch?v=zNlqOBa9xag*
   b. Ipapanood ang "Masha at Mashayana (Mito ng Paglikha)" sa *https://www.youtube.com/watch?v=jhrxL6dD-eY*
   c. Magpasaliksik ng iba pang akda na may kaugnayan sa paksa
8. Maaaring ipagawa ang mga sumusunod upang ang mga estudyante ay magkaroon ng sapat na kaalaman sa tatalakaying aralin at masiglang makalahok sa online na talakayan.
   - Ipabigay ang pagkakaiba ng mga mitolohiya ng Africa at Persia
   - Ipasuri ang mga kaisipang nakapaloob sa akda batay sa suliranin ng akda, kilos at gawi ng mga tauhan at kung paano nagdesisyon ang tauhan sa suliraning kinaharap.

- Ipalista ang mga naging katwiran sa ibinigay na puna at reaksiyon sa mga nabasa o napanood.
- Ipasulat ang naging pagsusuri sa akdang binasa sa naging impluwensiya nito sa sarili at sa mga kamag-aral.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 209 at 210 ng batayang aklat.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri ng Panitikan*, sa mga pahina 203 hanggang 210, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Sabihin sa mga estudyante na pag-aralan ang tungkol sa pagsasaling-wika.
2. Ipabasa ang *Talakayin Natin* sa pahina 212 ng batayang aklat.
3. Ipasagot ang tanong: Ano ang kahalagahan ng pagsasaling-wika sa pagpapalaganap ng mga akdang pampanitikan ng isang bansa, tulad ng Kenya at iran?

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Tumawag ng ilang estudyante upang sariwain ang tinalakay na aralin noong nakaraang pagkikita.
2. Itsek ang takdang-aralin. Pumili ng ilang estudyante upang talakayin ang kanilang kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang pabula na "*The Lion and the Cougar*" sa *Alamin Natin* sa mga pahina 211 ng batayang aklat at ipasagot ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang tungkol sa pagsasaling-wika batay sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa pahina 212 ng batayang aklat.
3. Ipaisa-isa ang mga katangian ng isang mahusay na tagapagsalin, gayundin ang mga dapat isaalang-alang sa pagsasalin. Pag-usapan kung bakit mahalaga ang pagsasalin sa pagpapalaganap ng mga akdang pampanitikan.
4. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa talakayan tulad ng sumusunod:
   a. Ang pagsasalin ay ang paglilipat ng mensahe mula sa unang wika (*source language*) tungo sa ikalawang wika (*target language*).
   b. Mahalaga ang wastong pagsasalin upang maipaabot nang tama ang mensaheng nais iparating ng may-akda at upang maunawaan ng mga babasa mula sa

ikalawang wika ang mga akdang pampanitikan na isinalin.

c. Ang pagsasaling-wika ay isang pamamaraan upang marami ang makabasa nang may pag-unawa sa mga akdang pamapanitikan na isinalin, tulad ng mga mitong nagmula sa mga bansang Kenya at Iran.

d. Sa pagsasalin, napalalaganap ang mga akdang pampanitikan sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

5. Magpakita ng isang teksto na maaaring isalin ng mga estudyante. Tumawag ng mga estudyante upang magbigay ng sariling pagsasalin sa teksto.

*Pagsasanay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 213 at 214 ng batayang aklat.
2. Ipabahagi sa klase ang kasagutan ng mga estudyante.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 215 ng batayang aklat.
3. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 215 ng batayang aklat.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga sagot.

**Takdang-Aralin**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang anekdotang "Mullah, ang Unang Iranian na Dalubhasa sa Anekdota" na nakasaad sa *Basahin Natin* sa mga pahina 218 at 220 ng batayang aklat.
2. Magpatala sa mga estudyante ng paghahambing sa pagitan ng anekdota at iba pang akdang pampanitikan.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

A. Isalin ang sumusunod na mga salita sa iyong unang wika at sa wikang Tagalog.

| *Salita* | *Unang Wika* | *Wikang Tagalog* |
|---|---|---|
| 1. *culture* | | |
| 2. *galaxy* | | |
| 3. *silver* | | |
| 4. *spear* | | |
| 5. *desire* | | |
| 6. *courage* | | |
| 7. *shield* | | |

| | | |
|---|---|---|
| 8. *shrine* | | |
| 9. *strength* | | |
| 10. *bosom* | | |

B. Isalin ang sumusunod na talata.

1. *Therefore am I loved.*
   *Therefore am I happy.*
   *Therefore am a wife.*
   *Therefore have I great honor.*

2. *"Hunting is such a hard work!" complained Leopard to the tree. "If only I could wear your shadows, then I could surprise the animals and... pounce!" "What a marvelous idea!" exclaimed the tree. "Here, take these leaf shadows. I have plenty."*

Halaw sa: *How the Leopard Got Its Spots, Tales from Around the World, Golden Book, New York, 2002*

## ARALIN 14

# Mga Tuwa sa Kuwento

*Mga Pahina*: 216–225
*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 4

**MGA PAKSA NG ARALIN**

**Panitikan:** "Mullah, ang Unang Iranian na Dalubhasa sa Anekdota" (mga Anekdota mula sa Iran)

**Gramatika:** Gramatika, Diskurso, at Estratehiya sa Pagsusulat at Pagsasalaysay ng Orihinal na Anekdota

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehikal sa pagsusulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota<br>• Naisusulat ang isang orihinal na komik strip ng anekdota | **F10PN-IIIb-77** MELC<br>• Nahihinuha ang damdamin ng sumulat ng napakinggang anekdota<br>**F10PB-IIIb-81** MELC<br>• Nasusuri ang binasang anekdota batay sa: |

| | |
|---|---|
| • Naisasalaysay ang nabuong anekdota sa isang diyalogo, *aside*, *soliloquy*, o monolog<br>• Nabibigyang-kahulugan ang salita batay sa ginamit na panlapi<br>• Nasusuri ang binasang anekdota batay sa paksa, tauhan, tagpuan, motibo ng awtor, at paraan ng pagsulat<br>• Nahihinuha ang damdamin ng sumulat ng napakinggang anekdota | o paksa<br>o tauhan<br>o tagpuan<br>o motibo ng awtor<br>o paraan ng pagsulat<br>o at iba pa<br>**F10PT-IIIb-77** MELC<br>• Nabibigyang-kahulugan ang salita batay sa ginamit na panlapi<br>**F10PD-IIIb-75** MELC<br>• Naibibigay ang sariling opinyon tungkol sa anekdotang napanood sa YouTube<br>**F10PS-IIIb-79**<br>• Naisasalaysay ang nabuong anekdota sa isang diyalogo, *aside*, *soliloquy*, o *monolog*<br>**F10PU-IIIb-79**<br>• Naisusulat ang isang orihinal na komik strip ng anekdota<br>**F10PU-IIIb-79** MELC<br>• Naisusulat ang isang orihinal na komik istrip batay sa isang anekdota<br>**F10WG-IIIb-72** MELC<br>• Nagagamit ang kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehikal sa pagsulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota |

**TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN**

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*
- "Mongheng Mohametano sa Kanyang Pag-iisa | Anekdota | Teacher Arniza" sa *https://www.youtube.com/watch?v=Ode0GEO9if4*
- "Isang Anekdota Ukol sa Pangulong Quezon" *https://teksbok.blogspot.com/2010/09/isang-anekdota-ukol-sa-pangulong-quezon.html*

**MGA KAGAMITAN**

- cellphone
- laptop
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

- Paano naiiba ang anekdota sa iba pang akdang pampanitikan?
- Paano nakatutulong ang kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehiko sa pagsusulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang *teaser* at larawan na matatagpuan sa baba ng paksang aralin sa pahina 216. Tanungin kung. anong masasabi nila tungkol ditto. Tumawag ng ilang estudyante upang magbahagi ng kanilang sagot.
2. Itsek ang takdang-aralin. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan sa takdang-aralin.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Ipasagot sa mga estudyante ang *Pag-aralan Natin* sa mga pahina 220 at 221 ng batayang aklat. Dito ay isusulat nila ang salitang ugat ng mga piling salita at gamitin ito sa sariling pangungusap.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang larawan sa *Simulan Natin* at ipagawa ang mga gawain sa mga pahina 217 at 218 ng batayang aklat. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang sagot.
2. Magkaroon ng talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.
3. Muling ipabasa ang "Mullah, ang Unang Iranian na Dalubhasa sa Anekdota" sa *Basahin Natin* sa mga pahina 218 hanggang 220. Magbigay ng sapat na oras para sa pagbabasa nang tahimik.
4. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 221. Idagdag ang sumusunod na mga katanungan: Bakit sa masa madalas gamitin ang anekdota sa pagbibigay ng aral o halimbawa?
5. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa mga pahina 218 at 219.
6. Ipasulat sa pisara sa mga estudyante ang mahahalagang konsepto mula sa tekstong binasa. Hayaan silang ipaliwanag ang kanilang isinulat na mga konsepto. Lagumin ang mga konseptong nabuo ng mga estudyante.
7. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa binasang teksto tulad ng sumusunod:
    a. Ang *anekdota* ay naglalarawan ng kawili-wiling insidente o pangyayari sa buhay ng tao. Ito ay nag-iiwan ng aral sa mga mambabasa. Madalas na ito ay nagsisimula sa personal na karanasan ng may-akda. Samantala, ang ibang uri ng akdang pampanitikan ay maaaring nagsisimula sa karanasan ng iba at hindi nag-iiwan ng aral.

b. Madalas na ginagamit ang anekdota sa pagbibigay-halimbawa dahil ito ay kawili-wiling pakinggan at basahin, at ito ay nag-iiwan ng aral.

8. *Birtuwal na Gawain:*

   Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):

   a. "Mongheng Mohametano sa Kanyang Pag-iisa" | Anekdota | Teacher Arniza sa *https://www.youtube.com/watch?v=Ode0GEO9if4*
   b. Isang Anekdota Ukol sa Pangulong Quezon sa *https://teksbok.blogspot.com/2010/09/isang-anekdota-ukol-sa-pangulong-quezon.html*
   c. Maaaring magpasaliksik sa mga estudyante ng akdang may kaugnay na paksa sa akdang tinalakay.

9. Ipagawa ang mga sumusunod bilang paghahanda sa online talakayan.
   - Ipabigay ang kanilang hinuha sa damdamin ng sumulat sa napakinggang anekdota.
   - Ipasuri ang akda batay sa paksa, tauhan, tagpuan, motibo ng awtor at paraan ng pagsulat.
   - Ipabigay ang ilang salitang ginamit sa akda at ipabigay ang kahulugan ayon sa panlaping ginamit.
   - Ipasuri ang kanilang opinyon sa anekdotang napakinggan, nabasa, o napanood.
   - Ipasulat ang sariling anekdota sa pamamagitan ng isang diyalogo, aside, soliloquy, monologo, o maaari ding komik strip.
   - Ipagamit ang kahusayang gramatikal sa paggawa ng sariling anekdota.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 221 at 222 ng batayang aklat.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan* sa mga pahina 216 hanggang 222, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Sabihan ang mga estudyante na pag-aralan ang tungkol sa gramatika, diskurso, at estratehiya sa pagsusulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota sa *Talakayin*

*Natin* sa mga pahina 223 at 224 ng batayang aklat.

2. Ipasagot ang tanong: Bakit mahalagang ikonsidera ang pagkakaroon ng kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehikal sa pagsusulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota?

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

Itsek ang takdang-aralin ng mga estudyante. Pumili ng ilang estudyante upang talakayin ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa ang talata sa *Alamin Natin* sa pahina 223 at ipasagot ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang tungkol sa kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehikal sa pagsusulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota batay sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 223 at 224 ng batayang aklat.
3. Ipaisa-isa ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kahusayang ito. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa talakayan tulad ng sumusunod:
    a. Ang kahusayan sa gramatika ay tumutukoy sa kahusayan sa balarila, paggamit ng mga bantas, at pagbabaybay ng mga salita.
    b. Mahalaga ang paggamit ng mga estratehiya sa pagsusulat at pagsasalaysay. Ang kahusayang estratehikal ay ang kahusayan sa paggamit ng mga paraan sa pagsusulat ng isang teksto, tulad ng anekdota.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 224 at 225 ng batayang aklat. Ipabahagi sa klase ang kasagutan ng mga estudyante.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 225 ng batayang aklat.
3. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 225 ng batayang aklat.
2. Lagumin ang mga kasagutan ng mga estudyante ayon sa layunin ng buong aralin.

**Takdang-Aralin**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang “Awit ng Ina sa Kaniyang Panganay: Awitin ng

Paghehele ng mga Taga-Didinga/Lango” sa *Basahin Natin* sa mga pahina 228 hanggang 230 ng batayang aklat.

2. Ipasagot ang tanong: Paano mmakatutulong ang mga akdang pampanitikan, tulad ng tula sa pagpapalaganap ng panitikan ng isang bansa tulad ng Uganda?
3. Sabihin sa mga estudyante na magdala ng isang kuwento tungkol sa pag-ibig ng isang ina sa kaniyang anak (maaaring sariling karanasan sa kanilang mga ina) at maghanda na ibahagi ito sa klase.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

A. Tukuyin ang elemento ng anekdota na ipinahahayag ng bawat pangungusap.

_______________ 1. Ito ay hudyat na ang kuwento ay tapos na at ibinabalik ng tagapagkuwento ang tagapakinig sa kasalukuyan.

_______________ 2. Ito ang pinakamahalagang pangyayari sa kuwento.

_______________ 3. Ito ay ang pagpapakilala sa anekdota na nagbibigay ng kinakailangang konteksto.

_______________ 4. Ito ang katapusan o ang kinahantungan sa wakas ng kuwento.

_______________ 5. Ito ay naglalarawan sa eksena ng kuwento at tumutukoy kung kailan ito nagaganap at sino ang mga tauhang sangkot.

_______________ 6. Ito ay ang paglalahad ng tagapagkuwento ng mahahalagang puntos sa anekdota at ang dahilan kung bakit ito ay mahalagang ikuwento

B. Pakinggang muli ang “Anekdota sa Buhay ni Manuel L. Quezon.” Isalaysay ito sa klase sa pamamagitan ng monologo gamit ang wastong gramatika.

## ARALIN 15
# Pagmamahal ng Ina

*Mga Pahina*: 226–238
*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 4

**MGA PAKSA NG ARALIN**
**Panitikan:** "Awit ng Ina sa Kaniyang Panganay: Awitin ng Paghehele ng mga Taga-Didinga/Lango" ( Isang Tula mula sa Uganda)
**Gramatika:** Mga Uri at Elemento ng Tula

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito<br>• Naisusulat ang sariling tula at nalalapatan ito ng himig<br>• Masigasig at matalinong nakikilahok sa mga talakayan<br>• Naiaatas ang mga salita ayon sa antas ng damdaming ipinahahayag ng bawat isa<br>• Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula<br>• Nasusuri ang kasiningan at bias ng tula batay sa napakinggan | **F10PN-IIIc-78** MELC<br>• Nasusuri ang kasiningan at bisa ng tula batay sa napakinggan<br>**F10PB-IIIc-82** MELC<br>• Nabibigyang-kahulugan ang iba't ibang simbolismo at matatalinghagang pahayag sa tula<br>**F10PT-IIIc-78**<br>• Naiaantas ang mga salita ayon sa antas ng damdaming ipinahahayag ng bawat isa<br>**F10PT-IIIc-78** MELC<br>• Naiaantas ang mga salita ayon sa damdaming ipinahahayag ng bawat isa<br>**F10PD-IIIc-76**<br>• Nasusuri ang napanood na sabayang pagbigkas o kauri nito batay sa:<br>o kasiningan ng akdang binigkas<br>o kahusayan sa pagbigkas<br>o at iba pa<br>**F10PS-IIIc-80**<br>• Masigasig at matalinong nakikilahok sa mga talakayan<br>**F10PU-IIIc-80**<br>• Naisusulat ang sariling tula na lalapatan din ng himig |

| | |
|---|---|
| | **F10WG-IIIc-73**<br>• Nauuri ang iba't ibang tula at ang mga elemento nito |

**TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN**

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*
- "Pinuno ng Kinabukasan (Tomorrow's Leader) I Dammy's Educational Vlog" ng Dammy Channel sa *https://www.youtube.com/watch?v=FWnTDW1aW68*
- "Ang Ibong Nakahawla (Tula at Paliwanag)" ng TitserMJ TV sa *https://www.youtube.com/watch?v=KMfOYlTWDjM*

**MGA KAGAMITAN**

- cellphone
- laptop
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

- Paano mailalarawan ng mga akdang pampanitikan, tulad ng tula, at ang kultura ng isang bansa, tulad ng Uganda?
- Ano ang iba't ibang uri ng tula at elemento nito?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang teaser at larawang matatagpuan sa ibaba ng paksang aralin sa pahina 226.
2. Ipaugnay ito sa sariling karanasan at tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi sa klase ang kanilang sagot.
3. Itsek ang takdang-aralin. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan sa takdang-aralin.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

Ipasagot sa mga estudyante ang *Pag-aralan Natin* sa pahina 230 ng batayang aklat. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang *Simulan Natin* sa mga pahina 227 at 228 ng batayang aklat. Ipasagot ang mga tanong na kasunod ng gawain at magkaroon ng talakayan sa kasagutan ng mga estudyante.
2. Muling pabasa ang "Awit ng Ina sa Kaniyang Panganay: Awitin ng Paghehele ng mga Taga-Didinga/Lango" sa *Basahin Natin* sa mga pahina 228 hanggang 230. Maglaan ng sapat na oras para sa pagbabasa nang tahimik.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay

sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 231. Idagdag ang sumusunod na mga katanungan: Ano ang pagkakatulad ng mga kultura ng taga-Uganda at ng Pilipino ukol sa pagtingin ng isang ina sa kaniyang anak?

4. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa mga pahina 228 at 229.
5. Ipasulat sa pisara sa mga estudyante ang mahahalagang konsepto mula sa tekstong binasa. Hayaan silang ipaliwanag ang kanilang sinulat na mga konsepto. Lagumin ang mga konseptong nabuo ng mga estudyante.
6. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa binasang teksto tulad ng sumusunod:
   a. Ang mga akdang pampanitikan tulad ng tula ay naglalarawan ng mga kaugalian at tradisyon ng isang bansa tulad ng sa Uganda. Inilalarawan ang mga ito sa isang masining na pamamaraan upang higit itong kagiliwan at maunawaan.
   b. May pagkakatulad sa kulturang Pilipino ang pagtingin ng isang ina sa kaniyang anak sa bansang Uganda. Parehong binibigyang-halaga ang bawat anak at ang bawat anak ay itinuturing na isang biyaya mula sa Maykapal na dapat alagaan at mahalin.
7. *Birtuwal na Gawain:*
   Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
   a. “Pinuno ng Kinabukasan (Tomorrow's Leader) I Dammy's Educational Vlog” sa *https://www.youtube.com/watch?v=FWnTDW1aW68*
   b. “Ang Ibong Nakahawla (Tula at Paliwanag)” *https://www.youtube.com/watch?v=KMfOYlTWDjM*
   c. Magpasaliksik ng akda may katulad na paksa sa akdang tinalakay.
8. Ipagawa ang mga sumusunod bilang paghahanda sa masiglang online talakayan.
   - Ipasuri ang kasiningan at bisa ng tulang napakinggan.
   - Ipalista ang mga simbolismo at mga talinghagang ginamit sa tula at bigyang kahulugan ito.
   - Ipabigay ang antas ng damdaming ipinahayag sa tula batay sa mga salitang ginamit
   - Magpagawa ng sariling tula na lalapatan ng himig. I-video ito at i-upload sa facebook.
   - Ipabigay ang uri ng mga tula ayon sa elemento nito.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 231 at 232 ng batayang aklat.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan* sa mga pahina 226 hanggang 232, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Sabihin sa mga estudyante na basahin at pag-aralan ang mga uri at elemento ng tula sa *Talakayin Nain* sa mga pahina 233 hanggang 236 ng batayang aklat.
2. Ipasagot ang tanong: Mahalaga bang isaalang-alang ang element ng tula sa pagsusulat nito?

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

Itsek ang takdang-aralin. Pumili ng ilang estudyante upang talakayin ang kanilang kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang talata at tulang "Isang Dipang Langit" sa *Alamin Natin* sa mga pahina 232 at 233 at ipasagot ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang mga uri at elemento ng tula batay sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 233 hanggang 236.
3. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa talakayan tulad ng sumusunod:
   a. Ang tula ay isang sining at itinuturing na isa sa matatandang anyo ng panitikan.
   b. Ang tulang naratibo, katutubong tula, tulang liriko, at tulang tuluyan ay ilan lamang sa mga uri ng tula.
   c. Ang sukat, tugma, talinghaga, simbolismo, indayog, at kariktan ay ilan lamang sa mga elemento na dapat isaalang-alang sa pagsusulat ng isang tula.

*Pagsasanay*

Ipagawa ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 236 at 237 ng batayang aklat. Ipabahagi sa klase ang kasagutan ng mga estudyante.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa mga pahina 237 at 238 ng batayang aklat.
3. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Ipagawa ang gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 237.

2. Ipabuod ang mga kasagutan ng mga estudyante ayon sa layunin ng buong aralin.

**Takdang-Aralin**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang epikong *Bawal ang Anak na Lalaki* sa mga pahina 241 hanggang 247 ng batayang aklat.
2. Ipasagot ang tanong: Paano inilalarawan ang kultura at iba't ibang kalagayang panlipunang sa isang epiko?
3. Sabihin sa mga estudyante na magdala ng isang kuwento tungkol sa gawi ng mga Pilipino ukol sa pagkakaroon ng unang anak sa pamilya at maghanda na ibahagi ito sa klase.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

A. Tukuyin kung anong uri ng tula ang sumusunod.

_______________ Tinatawag din itong tulang prosa.

_______________ Tulang tumatalakay sa pamimighati at kamatayan.

_______________ Tulang may apat na taludtod at may pitong pantig sa bawat taludtod.

_______________ Tinatawag din itong tulang pasalaysay.

_______________ Ito ay tulang may apat na taludtod sa bawat saknong at may sukat na wawaluhin.

_______________ Tinatawag din itong tulang pangkasal.

_______________ Binubuo ito ng mga taludtod na may tigwawalong pantig na nagsasalaysay ng isang kasaysayan at nag-iiwan ng mabuting aral.

_______________ Ito ay isang tula na binubuo ng tatlong taludtod na may lima, pito, at limang pantig.

_______________ Ito ay tula na kakikitaan ng malaya at malawak na damdamin ng awtor.

_______________ Ito ay tumatalakay sa pakikipagsapalaran, katapangan, at kabayanihan ng pangunahing tauhan.

B. Pumili ng isang tulang liriko at gumawa ng halimbawa nito. Pagkatapos, suriin ang ginawang tula ayon sa tugma, sukat, simbolismo, at talinghaga.

**ARALIN 16**

# Pagpapahalaga sa Anak

*Mga Pahina*: 239–253

*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 5

**MGA PAKSA NG ARALIN**

**Panitikan:** "Bawal ang Anak na Lalaki" (Isang Epiko mula sa Congo)

**Gramatika:** Mga Pahayag sa Pagpapakahulugan sa Nangingibabaw na Damdamin sa Isang Akda

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Nagagamit ang wastong mga pahayag sa epiko na nagbibigay-kahulugan sa damdamin<br>• Pasulat na nasusuri ang damdaming nakapaloob sa epiko at alinmang *social media*<br>• Mapanuring naihahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng epiko sa sarili, sa lipunan, at sa daigdig<br>• Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa<br>• Natutukoy ang mga lugar, kondisyon ng panahon, at kasaysayan ng epikong binasa<br>• Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa napakinggang bahagi ng epiko sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan | **F10PN-IIId-e-79**<br>• Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa napakinggang bahagi ng akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan<br>**F10PN-IIId-e-79** MELC<br>• Naiuugnay ang suliraning nangingibabaw sa akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan<br>**F10PB-IIId-e-83**<br>• Naiuugnay ang mga pahayag sa lugar, kondisyon ng panahon, at kasaysayan ng akda<br>**F10PT-IIId-e-79** MELC<br>• Naihahanay ang mga salita batay sa kaugnayan ng mga ito sa isa't isa<br>**F10PD-IIId-e-77** MELC<br>• Nabibigyang-puna ang napanood na teaser o trailer ng pelikula na may paksang katulad ng binasang akda<br>**F10PS-IIId-e-81**<br>• Mapanuring naihahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa:<br>- sarili<br>- panlipunan<br>- pandaigdig |

| | |
|---|---|
| | **F10PS-IIId-e-81** MELC<br>• Naipahahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa:<br>- sarili<br>- panlipunan<br>- pandaigdig<br>**F10PU-IIId-e-81**<br>• Pasulat na nasusuri ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang social media<br>**F10PU-IIId-e-81** MELC<br>• Nasusuri nang pasulat ang damdaming nakapaloob sa akdang binasa at ng alinmang social media<br>**F10WG-IIId-e-74**<br>• Nagagamit ang wastong mga pahayag sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa akda<br>**F10WG-IIId-e-74** MELC<br>• Nabibigyang-kahulugan ang damdaming nangingibabaw sa akda |

**TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN**

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*
- "Sundiata: Ang Epiko ng Sinaunang Mali – Buod At Mga Tauhan " ni Brian Carlo sa *https://www.pinoynewbie.com/sundiata-epiko-ng-sinaunang-mali-buod-Tauhan/*
- "Si Rustam at si Sohrab" ng Epikong Persiyano sa *https://epikongpersiyanoblog.wordpress.com/si-rustam-at-si-sohrab/*

**MGA KAGAMITAN**

- laptop
- cellphone
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

- Paano ginamit ang mga pangunahing tauhan sa epiko ng Congo sa paglalahad ng kalagayan ng kanilang lipunan?
- Bakit mahalaga ang wastong pahayag sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa isang akda?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang *teaser* at larawan sa baba ng paksang aralin sa pahina 239 ng batayang aklat.
2. Ipaugnay ito sa sariling karanasan o buhay at ipabahagi ito sa klase.
3. Itsek ang takdang-aralin. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan sa takdang-aralin.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Ipasagot sa mga estudyante ang *Pag-aralan Natin* sa mga pahina 247 at 248 ng batayang aklat. Dito ay iuugnay nila ang mga salita o parirala na nasa kahon sa mga salitang nasa loob ng bilog.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang *Simulan Natin* sa pahina 240 ng batayang aklat bilang panimulang gawain. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan.
2. Ipasagot ang mga tanong na kasunod ng gawain at magkaroon ng talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.
3. Muling pabasa ang epikong *Bawal ang Anak na Lalaki* sa *Basahin Natin* sa mga pahina 241 hanggang 247. Maglaan ng sapat na oras para sa pagbabasa nang tahimik.
4. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 248.
5. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa mga pahina 241 hanggang 243.
6. Ipasulat sa pisara sa mga estudyante ang mahahalagang konsepto mula sa tekstong binasa. Hayaan silang ipaliwanag ang kanilang sinulat na mga konsepto. Lagumin ang mga konseptong nabuo ng mga estudyante.
7. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa binasang teksto tulad ng sumusunod:
   a. Inilalarawan ng mga pangunahing tauhan sa epiko ang tunay na kalagayan ng kanilang lipunan tulad ng pagkakaiba ng pagpapahalaga sa mga kababaihan at kalalakihan.
   b. Mahalaga ang kababaihan sa pamilya sa bansang Congo dahil kapag nag-asawa ang isang babae, babayaran ang kaniyang pamilya ayon sa kagustuhan nito at kinakailangang magbayad ng pamilya ng lalaki kahit na sila ay mahirap.
8. *Birtuwal na Gawain:*
   Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante.

Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):

a. "Sundiata: Ang Epiko ng Sinaunang Mali" sa *https://www.pinoynewbie.com/sundiata-epiko-ng-sinaunang-mali-buod-Tauhan/*
b. "Si Rustam at si Sohrab" sa *https://epikongpersiyanoblog.wordpress.com/si-rustam-at-si-sohrab/*
c. Magpasaliksik ng iba pang akdang kaugnay ng paksang tinalakay.

9. Ipagawa ang mga sumusunod upang may sapat na kaalaman na sa paksa at masiglang nakikilahok sa online talakayan.
    - Ipaugnay ang suliraning nangibabaw sa napakinggang bahagi ng akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan.
    - Ipaugnay ang mga pahayag sa lugar, kondisyon ng panahon, at kasaysayan ng akda.
    - Ipabigay ang puna sa napanood na trailer ng pelikula sa akdang binasa, napakinggan, o napanood.
    - Masusing ipahayag ang damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa sarili, panlipunan, at pandaigdig.
    - Ipasuri at ipagamit ang wastong mga pahayag sa pagsulat ng damdaming nakapaloob sa akdang nabasa o napakinggan.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 248 at 249 ng batayang aklat. Basahin ang sumusunod na bahagi ng epiko para sa gawain *C*.

Dumating ang kababaihang tagapagsilbi ni Iyangura para kumuha ng tubig.

"Ako si Mwindo, ang ipinanganak na naglalakad, ang ipinanganak na nagsasalita. Ayaw sa akin ng aking ama, tinangka akong patayin ng aking ama.

Ngunit nagustuhan ako ni Tiya Iyangura."

Nagmamadaling ikinuwento ito ng mga tagapagsilbi kay Iyangura. Patakbo siyang pumunta sa ilog. Nilaslas niya ng kutsilyo ang takip ng bariles. Nakita niya ang sanggol na may hawak na conga. Namangha si Iyangura.

Ang sanggol ay nagliliwanag tulad ng sumisikat na araw. Sinabi ni Iyangura, "Nakatutuwang sanggol si Mwindo! Bakit ayaw sa kaniya ng aking kapatid? Hindi ko siya itatapon." Kinarga niya ang sanggol at iniuwi sa kaniyang bahay. Inalagaan niya ito.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan* sa mga pahina 239 hanggang 249, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning

pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Sabihin sa mga estudyante na basahin at pag-aralan ang mga pahayag sa pagpapakahulugan sa nangingibabaw na damdamin sa isang akda sa *Takalayin Natin* sa mga pahina 250 at 251 ng batayang aklat.
2. Ipasagot ang tanong: Paano nagagamit ang wastong mga pahayag sa pagbibigay-kahukugan sa damdaming nangingibabaw sa isang akda?

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Ipabigay sa piling estudyante ang araling tinalakay sa nakaraang pagkikita.
2. Itsek ang takdang-aralin. Pumili ng mga estudyante upang talakayin ang kanilang kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang dagli sa *Alamin Natin* sa mga pahina 249 at 250 ng batayang aklat at ipasagot ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang mga pahayag sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa isang akda. Sumangguni sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 250 at 251.
3. Ipaisa-isa ang mga ekspresyong ginagamit sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa isang akda at pag-usapan kung bakit mahalagang gamitin ito nang wasto.
4. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa talakayan tulad ng sumusunod:
    a. Upang matiyak na wasto ang mga pahayag, kinakailangan na tukuyin ang damdamin at tono ng akda.
    b. Ang *damdamin* ay tumutukoy sa naging emosyon ng mambabasa sa binasang sanaysay.
    c. Ang *tono* ay tumutukoy sa emosyon ng awtor sa paksang tinalakay.
5. Magpabigay ng ilang pahayag na may ipinahihiwatig na tiyak na damdamin. Tumawag ng mga estudyante upang magbigay ng sariling pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa pahayag.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa mga pahina 251 at 252 ng batayang aklat. Ipabahagi sa klase ang kasagutan ng mga estudyante.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 253 ng batayang aklat.

3. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 253 ng batayang aklat.
2. Ipabuod ang mga kasagutan ng mga estudyante ayon sa layunin ng buong aralin.

**Takdang-Aralin**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang sanaysay na "*Long Walk to Freedom*" sa mga pahina 256 hanggang 258 ng batayang aklat.
2. Ipasagot ang tanong: Paano nasasalamin sa isang akdang pampanitikang tulad ng sanaysay ang kultura ng isang bansa, gaya ng Africa?
3. Sabihin sa mga estudyante na magdala ng sipi ng isang kuwento tungkol sa Africa at maghanda na ibahagi ito sa klase.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

A. Tukuyin ang pangunahing damdamin na inilarawan ng sumusunod na mga tauhan sa epikong *Bawal ang Anak na Lalaki*.
   1. She-Mwindo –
   2. Pitong asawa ng datu –
   3. Mwindo –
   4. Tagapayo ng datu –
   5. Tiya Iyangura –
   6. Mga kababaihan na tagapagsilbi ni Tiya Iyangura –
   7. Mga musikero –
   8. Mga kalalakihan ng Tubondo –
   9. Mamamayan ng Tubondo –

B. Gumawa ng talata na ang paksa ay ang pagpapaalala o pagbibigay-babala sa mga kabataang mahilig lumabas sa kabila ng pagtaas ng kaso ng COVID-19 sa inyong lugar. Ipabasa ito sa kaklase at ipabigay ang nangingibabaw na damdamin sa talata.

## ARALIN 17
# Ang Liwanag ng Africa

*Mga Pahina*: 254–263

*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 4

**MGA PAKSA NG ARALIN**

**Panitikan:** "*Long Walk to Freedom*" (Sanaysay mula sa South Africa)

**Gramatika:** Mga Tuwiran at Di-Tuwirang Pagpapahayag ng Mensahe

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Nagagamit ang angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe<br>• Naisusulat ang isang talumpati na pang-SONA (*State of the Nation Address*)<br>• Naisasagawa ang isang panradyong pagtatanghal tungkol sa SONA ng Pangulo ng Pilipinas<br>• Naibibigay ang katumbas na salita ng ilang salita sa akda (analohiya)<br>• Natutukoy ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda<br>• Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan | **F10PN-IIId-g-80** MELC<br>• Naipaliliwanag ang mga likhang sanaysay batay sa napakinggan<br>**F10PB-IIIf-g-84** MELC<br>• Naihahambing ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda<br>**F10PT-IIIf-g-80**<br>• Naibibigay ang katumbas na salita ng ilang salita sa akda (analohiya)<br>**F10PD-IIIf-g-78**<br>• Naibibigay ang sariling reaksiyon sa pinanood na video na hinango sa YouTube<br>**F10PU-IIIf-g-82** MELC<br>• Naisusulat ang isang talumpati na pang-SONA<br>**F10WG-IIIf-g-75** MELC<br>• Nagagamit ang angkop na mga tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paghahatid ng mensahe |

**TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN**

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*
- "Arkitekto ng Kapayapaan" ni Mercialyn Digaum sa *https://www.youtube.com/watch?v=D8G3eHiDkQs*
- "Kasarinlan at Katarungan ―Talumpati sa Ika-120 Anibersayo ng Unang

Republikang Pilipino" sa
*https://www.doj.gov.ph/speech_full.html?speechchid=153*

**MGA KAGAMITAN**

- cellphone
- laptop
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

- Paano nakatutulong ang mga akdang pampanitikan na tulad ng sanaysay sa pagpapalaganap ng panitikan ng Africa?
- Bakit mahalaga ang mga tuwiran at di-tuwirang pagpapahahayag sa paghahatid ng mensahe?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang *teaser* na matatagpuan sa baba ng paksang aralin sa pahina 254. Ipaugnay ito sa sariling karanasan o karanasan ng iba.
2. Itsek ang takdang-aralin. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan sa takdang-aralin.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Ipasagot sa mga estudyante ang *Pag-aralan Natin* sa mga pahina 259 at 260 ng batayang aklat. Dito ay magbibigay ang mga estudyante ng mga salitang maiuugnay sa mga salita sa loob ng kahon.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang *Simulan Natin* sa *Pagsusuri sa Panitikan s*a mga pahina 255 at 256 ng batayang aklat. Ipasagot ang mga tanong na kasunod ng gawain at magkaroon ng talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.
2. Muling ipabasa ang sanaysay na "*Long Walk to Freedom*" sa *Basahin Natin* sa mga pahina 256 hanggang 258. Maglaan ng sapat na oras para sa pagbabasa nang tahimik.
3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 260.
4. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa mga pahina 256 hanggang 258.
5. Ipasulat sa pisara sa mga estudyante ang mahahalagang konsepto mula sa tekstong binasa.
6. Hayaan silang ipaliwanag ang kanilang isinulat na mga konsepto. Lagumin ang mga konseptong nabuo ng mga estudyante.

7. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa binasang teksto tulad ng sumusunod:
   a. Mahalaga ang mga akdang pampanitikan tulad ng sanaysay sa pagpapalaganap ng panitikan ng Africa dahil sa pamamagitan ng sanaysay, nailalahad ang katotohanan sa mga pangyayari at ang tunay na sitwasyon na naglalarawan sa mga gawi at kultura ng isang bansa.
   b. Ang sanaysay ay nagiging daan upang malaman ng mas nakararaming tao ang saloobin ng mga mamamayan sa isang bansa.
8. *Birtuwal na Gawain:*
   Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
   a. "Mga Arkitekto ng Kapayapaan" sa
      *https://www.youtube.com/watch?v=D8G3eHiDkQs*
   b. "Kasarinlan at Katarungan"
      *https://www.doj.gov.ph/speech_full.html?Speechchid=153*
   c. Magpasaliksik ng iba pang halimbawa ng akda na kaugnay ng paksang tinalakay.
9. Maaaring ipagawa ang mga sumusunod sa mga estudyante upang may sapat na silang nalalaman sa tatalakaying aralin at masiglang makalalahok sa online talakayan.
   - Ipaugnay ang suliraning nangingibabaw sa napakinggang bahagi ng akda sa pandaigdigang pangyayari sa lipunan
   - Ipasuri ang pagkakaiba at pagkakatulad ng sanaysay sa ibang akda gamit ang graphic organizer
   - Ipabigay ang sariling reaksiyon sa pinanood na video na hinango sa YouTube
   - Ipasulat ang sariling talumpati na pang-SONA gamit ang tuwiran at di-tuwirang pahayag sa paglalahad ng mensahe

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 260 at 261 ng batayang aklat.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan* sa mga pahina 254 hanggang 261, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Sabihin sa mga estudyante na ipabasa at pag-aralan ang mga tuwiran at di-tuwirang pagpapapahayag ng mensahe sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 261 at 262 ng batayang aklat.
2. Ipasagot ang tanong: Paano nagkaiba ang mga tuwiran at di-tuwirang pagpapapahayag sa paghahatid ng mensahe? Gamitin ito sa pangungusap.

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Tumawag ng ilang estudyante upang sariwain ang tinalakay na aralin noong nakaraang pagkikita.
2. Itsek ang takdang-aralin. Pumili ng ilang estudyante upang talakayin ang kanilang kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang talata sa *Alamin Natin* sa pahina 261 at ipasagot ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang mga tuwiran at di-tuwirang pagpapapahayag sa paghahatid ng mensahe batay sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 261 at 262 ng batayang aklat.
3. Pag-usapan ang kahalagahan ng wastong paggamit ng mga tuwiran at di-tuwirang pagpapapahayag sa paghahatid ng mensahe.
4. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa talakayan tulad ng sumusunod:
   a. Sa paghahatid ng mensahe, may mga pamamaraan at pahayag na maaaring gamitin upang ito ay maunawaan ng kausap o tatanggap ng mensahe.
   b. Ang *tuwirang pahayag* ay mga pahayag na may pinagbabatayan at may ebidensiya kaya ito'y kapani-paniwala.
   c. Maaaring gamitin ang mga pang-ugnay gaya ng *sa katunayan*, *sa totoo lang, ang totoo,* at *bilang patunay* sa pagpapahayag.
5. Tumawag ng mga estudyante upang magbigay ng sariling halimbawa ng mga pangungusap na ginagamitan ng mga tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag sa paghahatid ng mensahe.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Himayin Natin* sa pahina 262 ng batayang aklat. Ipabahagi sa klase ang kasagutan ng mga estudyante.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 263 ng batayang aklat.
3. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Gawin Natin* sa pahina 263 ng batayang aklat.
2. Ipabuod ang mga kasagutan ng mga estudyante ayon sa layunin ng buong aralin.

**Takdang-Aralin**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang buod ng nobelang "Pagdating ng Pag-asa" sa mga pahina 266 hanggang 269 ng batayang aklat.
2. Ipasagot ang tanong: Paano nakatutulong ang mga akdang pampanitikan ng Nigeria, tulad ng mga nobela, sa pagpapalaganap ng panitikan sa nasabing bansa?
3. Sabihin sa mga estudyante na magdala ng sipi ng isang kuwento tungkol sa Nigeria at maghanda na ibahagi ito sa klase.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

A. Magsaliksik tungkol sa naganap na pagbabago sa Africa sa panahon ni Nelson Mandela at sa Pilipinas sa panahon ni Corazon Aquino. Gumamit ng *Venn diagram* sa paghahambing sa mga nasaliksik na impormasyon.




B. Sumulat ng isang talumpati tungkol sa iyong pananaw sa isang napapanahong isyu sa ating lipunan. Gamitan ito ng mga angkop na tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag ng iyong mensahe.

**ARALIN 18**

# Salamin ng Kultura

*Mga Pahina*: 264–274

*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 4

**MGA PAKSANG ARALIN**

**Panitikan:** “Pagdating ng Pag-asa” (Nobela mula sa Kenya)

**Gramatika:** Pagsusuri ng Pelikula at Paggamit ng Angkop na mga Pang-ugnay

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Nagagamit ang angkop na mga pang-ugnay sa pagpapaliwanag sa panunuring pampelikula nang may kaisahan at pagkakaugnay ng mga talata<br>• Naisusulat ang iskrip ng isang *puppet show* na naglalarawan sa tradisyong kinamulatan sa Africa at/o Iran<br>• Naitatanghal ang nabuong puppet show<br>• Napag-uugnay ang mga salitang nag-aagawan ng kahulugan.<br>• Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw o teoryang pampanitikan na angkop dito<br>• Nakapagbibigay ng puna tungkol sa napanood o napakinggang pagtatanghal | **F10PN-IIIh-i-81** MELC<br>• Natutukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo<br>**F10PB-IIIh-i-85** MELC<br>• Nasusuri ang binasang kabanata ng nobela batay sa pananaw/teoryang pampanitikan na angkop dito<br>**F10PD-IIIh-i-79** MELC<br>• Nasusuri ang napanood na *excerpt* ng isang isinapelikulang nobela<br>**F10PS-IIIh-i-83**<br>• Naitatanghal ang iskrip ng nabuong *puppet show*<br>**F10PU-IIIh-i-83**<br>• Naisusulat ang iskrip ng isang puppet show na naglalarawan sa tradisyong kinamulatan sa Africa at/o Persia<br>**F10WG-IIIh-i-76**<br>• Nagagamit ang angkop na mga pang-ugnay sa pagpapaliwanag sa panunuring pampelikula nang may kaisahan at pagkakaugnay ng mga talata<br>**F10PS-IIIh-i-83** MELC<br>• Nailalapat nang may kaisahan at magkakaugnay na mga talata gamit |

| | |
|---|---|
| | ang mga pang-ugnay sa panunuring pampelikula<br><br>*Nakapagbibigay ng puna tungkol sa napanood o napakinggang pagtatanghal* |

**TEKNOLOHIYA AT MGA SANGGUNIAN**

- aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*
- "Ang Carousel (Maikling Kuwento) I Dammy's Educational Vlog" ng Dammy Channel sa *https://www.youtube.com/watch?v=rLXmBiDovJ8*
- "Purple Hibiscus I Buod ng Nobela ni Chimamanda Ngozi Adichie (Salin ni Reynaldo V. Cuaňo)" ng Dammy Channel sa *https://www.youtube.com/watch?v=CU26H_7ym6U*

**MGA KAGAMITAN**

- cellphone
- laptop
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

- Paano nakatutulong ang mga akdang pampanitikan ng Nigeria, tulad ng mga nobela nito, sa pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng bansa?
- Bakit mahalagang magamit ang angkop na mga pang-ugnay sa pagpapaliwanag sa isang panunuring pampelikula?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Ipasuri sa mga estudyante ang *teaser* na matatagpuan sa baba ng paksang aralin sa pahina 264. Ipaugnay ito sa sariling karanasan o karanasan ng iba.
2. Itsek ang takdang-aralin. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang kasagutan sa takdang-aralin.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

1. Ipasagot sa mga estudyante ang *Pag-aralan Natin* sa pahina 269 ng batayang aklat. Pipiliin ng mga estudyante rito ang mga salitang magkakasingkahulugan.
2. Tumawag ng mga estudyante upang ibahagi ang kanilang mga kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga gawain sa *Simulan Natin* sa pahina 265 ng batayang aklat. Magkaroon ng talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.
2. Muling ipabasa ang "Pagdating ng Pag-asa" sa *Basahin Natin* sa mga pahina 266

hanggang 269. Maglaan ng sapat na oras para sa pagbabasa nang tahimik.

3. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa binasang teksto. Gawing gabay sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa pahina 270. Idagdag ang sumusunod na katanungan: Paano nakatutulong ang pagsasapelikula ng mga nobela na naglalarawan sa kultura ng isang bansa?
4. Ipabasa at talakayin ang nakasaad sa *Tandaan* sa mga pahina 266 hanggang 268.
5. Ipasulat sa pisara sa mga estudyante ang mahahalagang konsepto mula sa tekstong binasa. Hayaan silang ipaliwanag ang kanilang sinulat na mga konsepto. Lagumin ang mga konseptong nabuo ng mga estudyante.
6. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa binasang teksto tulad ng sumusunod:
   a. Nakatutulong ang mga akdang pampanitikan tulad ng nobela sa pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng isang bansa sa pamamagitan ng pagsasatitik ng mga gawi, tradisyon, at maging relihiyon ng bansa, na siyang nagiging daluyan upang higit na mapalaganap ang kanilang kultura.
   b. Ang pagsasapelikula ng isang nobela na tumatalakay sa kultura ng isang bansa tulad ng Nigeria ay nakatutulong sa pagpapalaganap ng kanilang kultura dahil ang mga pelikula ay karaniwang napapanood ng mas maraming tao.
7. *Birtuwal na Gawain:*
   Sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkakaroon ng pandemya, ang face to face na pag-aaral ay hindi pinapayagan kaya inihahanda ang pagkakaroon ng online classes. Patuloy pa rin ang pagkatuto ng mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng mga makabagong teknolohiya. Ang mga gawain ay maaaring isahan, dalawahan, o pangkatan ayon na rin sa napagkasunduan ng guro at mga estudyante. Maaaring ipagawa ang sumusunod (Maaaring ipadala sa e-mail o sa facebook messenger ng mga estudyante ang mga ipagagawa):
   a. "Ang Carousel (Maikling Kuwento) Dammy's Educational Vlog" sa *https://www.youtube.com/watch?v=rLXmBiDovJ8*
   b. "Purple Hibiscus I Buod ng Nobela ni Chimamanda Ngozi Adichie (Salin ni Reynaldo V. Cuaňo)" sa *https://www.youtube.com/watch?v=CU26H_7ym6U*
9. Magpasaliksik ng iba pang akda na kaugnay ng paksa ng aralin. Maaaring ipagawa ang mga sumusunod sa mga estudyante upang may sapat na silang nalalaman sa tatalakaying aralin at masiglang makalalahok sa online talakayan.
   - Ipatukoy ang tradisyong kinamulatan ng Africa at/o Persia batay sa napakinggang diyalogo
   - Ipasuri ang binasa at napakinggang kabanata ng nobela batay sa teoryang pampanitikan na angkop dito.
   - Ipasulat ang iskrip ng isang puppet show na naglalarawan sa tradisyong kinamulatan sa Africa at/o Persia. Maaaring magpadala ng mensahe ang guro sa pamamagitan ng messenger o email sa mga estudyante na bumuo ng pangkat, magpagawa ng iskrip ng isang puppet show at itanghal ito sa klase sa pamamagitan ng video recording.

- Ipasuri ang napanood at napakinggang akda gamit ang angkop na teoryang pampanitikan. Gamitan ito ng angkop at wastong mga pang-ugnay.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa mga pahina 270 at 271 ng batayang aklat.

*Paglalahat*

1. Matapos ang talakayan at mga gawain sa *Pagsusuri sa Panitikan* sa mga pahina 265 hanggang 271, tanungin ang mga estudyante kung anong mahahalagang aral ang napulot nila mula rito.
2. Lagumin ang aralin batay sa sagot ng mga estudyante at ayon sa mga layuning pampanitikan ng aralin.

*Takdang-Aralin*

1. Sabihin sa mga estudyante na basahin at pag-aralan ang pagsusuri ng pelikula at paggamit ng angkop na mga pang-ugnay sa *Talakayin Natin* sa pahina 272 ng batayang aklat.

Ipasagot ang tanong: Paano nakatutulong ang paggamit ng angkop na mga pang-ugnay sa pagsusuri ng pelikula?

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Pagbabalik-aral at Pagganyak*

1. Tumawag ng ilang estudyante upang sariwain ang tinalakay na aralin noong nakaraang pagkikita.
2. Itsek ang takdang-aralin. Pumili ng mga estudyante upang talakayin ang kanilang kasagutan.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipabasa sa mga estudyante ang talata sa *Alamin Natin* sa pahina 271 at ipasagot ang mga tanong na kasunod nito.
2. Talakayin ang tungkol sa pagsusuri ng pelikula at paggamit ng angkop na mga pang-ugnay batay sa nakasaad sa *Talakayin Natin* sa pahina 272.
3. Ipaliwanag ang mahahalagang konsepto tungkol sa talakayan tulad ng sumusunod:
    a. Sinusuri ang isang pelikula sa pamamagitan ng pagpapaliwanag at paglalarawan ng mga elemento nito batay sa pagtingin ng manunuri.
    b. Pangunahin sa binibigyang-pansin sa pagsusuri ng isang pelikula ang iskrip, tunog o musika, sinematograpiya, kaangkupan ng tauhan, at tagpuan.
    c. Sa pagsusuri, mahalaga ang paggamit ng mga pang-ugnay upang mahabi ang mga ideya sa mga pangungusap at talata.

*Pagsasanay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa Himayin Natin sa pahina 273

ng batayang aklat.
2. Ipabahagi sa klase ang kasagutan ng mga estudyante.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng aralin.
2. Ipagawa ang gawain sa *Lagumin Natin* sa pahina 274 ng batayang aklat.
3. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain *sa Gawin Natin* sa pahina 274 ng batayang aklat.
2. Ipabuod ang mga kasagutan ng mga estudyante ayon sa layunin ng buong aralin.

**Takdang-Aralin**

Ipabasa sa mga estudyante ang nakasaad sa *Talakayin* ukol sa pagbuo ng iskrip sa mga pahina 276 hanggang 278 ng batayang aklat.

**KARAGDAGANG PAGSASANAY**

A. Isulat ang salitang *Tama* kung ang pangungusap ay naayon sa paksang tinalakay at *Mali* kung ito ay hindi naaayon sa paksang tinalakay**.**

___________ 1. Ang teoryang Humanismo ay nagbibigay-diin sa pagkatao ng mga tauhan.
___________ 2. Pinatay ni Ezeudu ang kaniyang anak-anakan.
___________ 3. Si Okonkwo ay isang matapang at respetadong mandirigma.
___________ 4. Ang teoryang Marxismo ay nagbibigay-diin sa relasyong hindi pantay tulad ng malakas at mahina, mayaman at mahirap.
___________ 5. Si Ikemefuna ang anak-anakan ni Okonkwo.
___________ 6. Winasak ng mga puti ang bayan ng Abanko.
___________ 7. Layunin ng mga misyonero na dalhin ang Kristiyanismo sa mga bayan.
___________ 8. Ang bayan ng Mbanta ang isa sa mga bayan kung saan nagturo ang mga misyonero tungkol kay Kristo.
___________ 9. Ang *puppetry* ay isang panteatrong pagtatanghal na gumagamit ng manipulasyon.
___________ 10. Si G. Kiaga ay isang manunulat na tumulong sa mga misyonero.

B. Pumili ng isang akda at suriin ito ayon sa angkop na teoryang pampanitikan.

# Panapos na Gawain

*Mga Pahina*: 275–283
*Mungkahing Bilang ng mga Araw*: 4

**PAKSA NG ARALIN**
Pagbuo ng Iskrip

**MGA LAYUNIN AT KATUMBAS NA PAMANTAYAN SA PAGKATUTO**

| Mga Layunin | Mga Kasanayan sa Pagkatuto at MELC |
|---|---|
| • Naisasagawa ang malikhaing pagtatanghal tungkol sa kultura at kagandahan ng Africa at Iran<br>• Nabibigyang-puna o mungkahi ang nabuong iskrip na gagamitin sa pagtatanghal<br>• Nakadarama ng pagmamalaki sa nagawang pagtatanghal<br>• Aktibong nakikilahok sa pangkatang gawain<br>• Nabibigyang-puna ang pagtatanghal gamit ang mga ekspresyong nagpapahayag ng sariling pananaw | **F10PN-IIIj-82**<br>• Naibibigay ang puna tungkol sa napakinggang pagtatanghal<br>**F10PD-IIIj-80**<br>• Natataya ang napanood na pagtatanghal batay sa napagkaisahang mga pamantayan<br>**F10PS-IIIj-84**<br>• Naitatanghal nang may panghihikayat ang nabuong iskrip<br>**F10PU-IIIj-84**<br>• Naisusulat ang iskrip ng isang pagtatanghal tungkol sa kultura at kagandahan ng bansang Africa at Persia<br>**F10WG-IIIj-77**<br>• Nabibigyang-puna ang pagtatanghal gamit ang mga ekspresyong naghahayag ng sariling pananaw<br>**F10EP-IIf-32** MELC<br>• Nagagamit ang iba't ibang batis ng impormasyon tungkol sa magagandang katangian ng bansang Africa at/o Persia |

**TEKNOLOHIYA AT SANGGUNIAN**
aklat na *Bulwagan 10: Kamalayan sa Gramatika at Panitikan (*Ikalawang Edisyon*)*

**MGA KAGAMITAN**

- mga *props* na gagamitin sa pagtatanghal

- iskrip na gagamitin sa pagtatanghal
- cellphone
- laptop
- computer

**MAHAHALAGANG TANONG**

1. Bakit mahalagang mapag-aralan at maunawaan ang mga akdang pampanitikan ng mga bansa sa Africa at sa Iran o Persia?
2. Paano makatutulong ang mga kaalaman at kasanayan sa wastong pagsasaling-wika, pagbibigay-kahulugan sa ipinahahayag na damdamin, pagpapahayag ng sariling pananaw, tuwiran at di-tuwirang paghahatid ng mensahe, at pagkakaroon ng kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehiko sa pagsusulat ng iskrip at ng panunuring pampelikula?

**PAMAMARAAN**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Panimula at Pagganyak*

1. Magkaroon ng pagbabalik-aral sa mga natutuhan sa yunit 3 sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga estudyante ng isa o dalawang parirala o pangungusap na maglalagom ng kanilang pagkatuto.
2. Tumawag ng tatlo hanggang pitong estudyante upang ibahagi ito sa klase.

*Pagpapayaman ng Talasalitaan*

Ipasagot sa mga estudyante ang gawain sa *Pag-aralan Natin* sa pahina 278 ng batayang aklat. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.

*Pagsusuri at Pagtalakay*

1. Ipagawa sa mga estudyante ang gawain *A* sa *Simulan Natin* sa mga pahina 275 at 276 ng batayang aklat. Tumawag ng ilang estudyante upang ibahagi sa klase ang kanilang nabuong kuwento o diyalogo.
2. Ipasagot ang mga katanungan sa gawain *B* at magkaroon ng talakayan tungkol sa kasagutan ng mga estudyante.
3. Muling ipabasa ang nakasaad sa *Talakayin Natin* sa mga pahina 276 hanggang 278 tungkol sa pagbuo ng iskrip. Maglaan ng sapat na oras sa pagbasa nang tahimik sa teksto.
4. Magkaroon ng malayang talakayan tungkol sa paksa. Gawing gabay sa talakayan ang mga katanungan sa *Pag-isipan Natin* sa mga pahina 278 at 279 ng batayang aklat. Idagdag ang sumusunod na mga katanungan:
   - Ano ang iskrip? Ano-ano ang iba’t ibang uri ng iskrip?
   - Bakit mahalaga ito sa isang pagtatanghal?
   - Bakit mahalagang pag-aralan ang pagsulat ng isang iskrip?
5. Ipasulat sa pisara ang mahahalagang konsepto na nabuo mula sa talakayan.

6. Lagumin ang mga konseptong nabuo ng mga estudyante.
7. Ipaliwanag ang mahahalagang konseptong nabuo tungkol sa pagsulat ng iskrip, tulad ng sumusunod:
   - Ang iskrip ay ang nabuong teksto para sa isang programa.
   - Ang *screen play*, iskrip para sa radyo, at *news script* ay ilan lamang sa mga uri ng iskrip.
   - May mga bagay na dapat isaalang-alang sa pagsulat ng iskrip. Kabilang dito ang layunin, paksa, at tagapakinig/tagapanood ng programa o pagtatanghal.

*Pagsasanay*

Ipagawa sa mga estudyante ang mga pagsasanay sa *Gampanan Natin* sa pahina 279 ng batayang aklat.

**INTEGRASYON SA PAGSASAGAWA NG PROYEKTO**

**Pagbabalik-aral at Pagganyak**

Tumawag ng ilang estudyante ipang ilahad ang kanilang natutuhan sa nakaraang aralin.

**Pagsusuri at Pagtalakay**

1. Ipabasa sa mga estudyante ang nakasaad sa *Gawin Natin* sa pahina 281, bilang paghahanda sa paggawa ng proyekto na magsisilbing integrasyon ng mga natutuhan sa yunit 3. Bigyan ng sapat na oras ang mga estudyante sa pagbasa.
2. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Tiyakin na ang bawat kasapi ng pangkat ay may kaniya-kaniyang gawain.
3. Ipagawa ang proyekto. Linawin sa mga estudyante ang inaasahan sa kanila.
4. Ipaliwanag ang rubrik sa mga pahina 281 at 282 na gagamiting pamantayan sa pagtatasa sa kanilang mabubuong iskrip, gayundin sa kanilang pagtatanghal.
5. Bigyan ng sapat na panahon ang mga estudyante sa paggawa ng iskrip at paghahanda para sa kanilang pagtatanghal tungkol sa kultura at kagandahan ng Africa at Iran.
6. Ipatanghal ang nabuong iskrip na naglalarawan ng kultura at kagandahan ng Africa at Iran. Hikayatin ang mga estudyante na magbigay ng komento sa itinanghal ng bawat pangkat.

**Pagbubuod**

1. Ipasagot sa mga estudyante ang mahahalagang tanong na matatagpuan sa umpisa ng yunit.
2. Tumawag ng ilang estudyante upang magbigay ng buod sa kanilang natutuhan sa aralin.

**Pagtataya**

1. Magkaroon ng pangwakas ng pagsusulit para sa yunit. Idikta sa mga estudyante

ang mga katanungan sa *Panimulang Pagtataya para sa Yunit* sa pahina 200 hanggang 202. Maaari ding bumuo ng panibagong pangwakas na pagsusulit para sa yunit. Sabihin na ang kanilang iskor sa pagsusulit na ito ay itatala na at isasama na sa pagmamarka.

2. Ipagawa ang *Lagumin Natin* sa pahina 282 at 283. Lagumin ang yunit batay sa kanilang sagot sa 3-2-1 tsart at sa mga layunin ng buong yunit.

**SUSI SA PAGWAWASTO**

**Panimulang Pagtataya para sa Yunit** (mga pahina 200–202)

1. c
2. b
3. b
4. a
5. c
6. b
7. b
8. a
9. c
10. c
11. b
12. b
13. c
14. a
15. c
16. b
17. b
18. b
19. a
20. b
21. b
22. c
23. d
24. a
25. b

*Paalaala*: *Ang susi sa pagwawasto* sa itaas ay ang parehong susi na gagamitin sa *Pangwakas na Pagsusulit para sa Yunit*. Kung magbibigay ng sariling pagsasanay para sa pangwakas na pagsusulit, gumawa ng sariling susi ng pagwawasto.

**ARALIN 13**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Simulan Natin* (mga pahina 204 at 205)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Halimbawang sagot:*

Pamagat: Ang Lumikha

Ipinakikita sa larawan ang Diyos na lumilikha ng mga bagay sa daigdig mula sa liwanag ng kalangitan.

1. Ang larawan ay tungkol sa paglikha ng daigdig.
2. Ang uri ng akdang pampanitikan na inilahad sa kuwento ay mito.

B.

1. kaugalian, paniniwala
2. nagkakaisa
3. dalampasigan
4. mabuting kapalaran
5. pinili
6. bilango
7. sanayin
8. nilalang
9. bahagi, pagkakahati ng nobela
10. kalakihan

*Pag-aralan Natin* (mga pahina 207 at 208)

1. Etimolohiya: mito
   Kahulugan: isang akdang pampanitikan na naglalahad ng pinagmulan o paglikha ng daigdig
2. Etimolohiya: awit
   Kahulugan: kinakanta; sinasambit ang mga salita na may kalakip na himig at tono
3. Etimolohiya: tubig
   Kahulugan: binubuo ng anyong-tubig
4. Etimolohiya: halili
   Kahulugan: pagrelyebo o pagpapalit ng posisyon
5. Etimolohiya: busog
   Kahulugan: isang uri ng armas na nakakurbang paarko na may leteng nakakonekta sa magkabilang dulo na ginagamit upang itulak o paliparin ang pana patungo sa isang direksiyon
6. Etimolohiya: Islam
   Kahulugan: isang uri ng pananampalataya na kinikilala si Allah bilang Diyos na makapangyarihan
7. Etimolohiya: ina o *mother*
   Kahulugan: isang sistema ng pamumuno kung saan ang kapangyarihan ay inililipat mula sa ina tungo sa anak na babae
8. Etimolohiya: ama o *father*
   Kahulugan: Kahulugan: isang sistema ng pamumuno kung saan ang kapangyarihan ay inililipat mula sa ama tungo sa anak na lalaki

*Pag-isipan Natin* (mga pahina 208 at 209)

1. Isang mitolohikal na bayani. Si Liongo ay malakas at maihahalintulad sa isang higante ang laki.
2. Ang lihim ni Liongo ay ang kaniyang tiyak na pagkamatay kung tutusukin ng karayom ang kaniyang pusod. Itinago ito ng kaniyang ina upang walang makapanakit at manatiling ligtas ang anak.
3. *Halimbawang sagot:* Maaari pong sumama ang kaniyang kalooban at maaari ding nagdulot ito ng kalungkutan sa kaniya.
4. Nilikha ni Bathala ang kalangitan, araw, halaman at hayop, tao, at apoy. Nagsimula ang siklo ng buhay matapos likhain ni Bathala ang lahat ng bagay na makikita sa daigdig.
5. *Halimbawang sagot:* Sa palagay ko ay may bahaging makatotohanan, mayroon din naming hindi. Makatotohanan ang bahagi kung saan ipinakita ng ina ni Liongo ang pagmamahal sa kaniyang anak, at ang pagkakaroon ng siklo ng gabi at umaga. Sa kabilang banda, hindi makatotohanan ang natatanging katangian ni Liongo na hindi nasusugatan ng kahit anong sandata. Gayumpaman, ang mga ito ay bahagi ng kanilang paniniwala at mitolohiya na dapat irespeto.
6. *Halimbawang sagot:* Oo. Nakatutulong ang mitolohiya sa pagpapaunlad ng kultura

ng isang bansa dahil isa itong bahagi ng kanilang pagkakakilanlan. Sa pamamagitan din ng mitolohiya ay naipapakita ang mga kaugalian at paniniwala ng mga sinaunang tao na maaaring ipasa sa susunod na mga henerasyon.

*Gampanan Natin* (mga pahina 209 at 210)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Halimbawang sagot:*

| *Suliraning inilahad sa Akda* | *Kilos at Gawi ng Tauhan* | *Desisyon ng Tauhan* |
|---|---|---|
| Sanhi ng kamatayan ni Liongo | Nag-usap ng masinsinan ang mag-ina na tanging nakakalam ng maaring sanhi ng kamatayan ni Liongo | Ilihim sa lahat ang bagay na iyon |
| Ang hangarin ni Sultan Ahmad na mawala si Liongo | Nag-isip ng paraan si Sultan Ahmad kung paano alisin sa kanyang landas si Liongo | Ipinahuli at ibinilanggo |

B. *Magkakaiba-iba ang output ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Paghahambing
Gamit ang *Venn Diagram*

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang nasaliksik na mito | | | | |
| Maayos, malinaw, at makatwiran ang ginawang paghahambing gamit ang venn diagram | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

C. *Magkakaiba-iba ang ouput ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsusuri ng Isang Mito

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang nasaliksik na *video clip* | | | | |
| Maayos at malinaw na nasuri ang pinapanood na video clip ayon sa mga pamantayang ibinigay sa batayang aklat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Alamin Natin* (mga pahina 211 at 212)

a. hayop
b. iniinuman
c. iinom
d. masilab
e. itaas
f. ulunan
g. buwitre
h. pag-aaway

*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante.Mga halimbawang sagot:*

1. Ang mensahe ng pabula ay huwag maging suwapang, ganid, o matakaw at matutong magbigay sa iyong kapuwa.
2. Aking napansin na mahalaga ang pagpili ng pinakamalapit na katumbas ng salitang isasalin sa salitang pagsasalinan nito upang maunawaan at hindi mawala ang tunay na diwa ng orihinal na teksto.
3. Huwag maging ganid. Matutong magbigay sa kapuwa at magbahagi. At panghuli, huwag unahin ang emosyon sa pagdedesisyon sa isang bagay. Pareho kami ng reaksiyon ng aking kapuwa estudyante.

*Himayin Natin* (mga pahina 213 at 214)

A.

1. Salin sa Filipino: anekdota
   Pangungusap: Magaling ang pagkakabalangkas ng aking nabasang anekdota tungkol sa buhay ni Manuel Quezon.
2. Salin sa Filipino: espiritu
   Pangungusap: Maraming gumagalang espiritu pagsapit ng gabi sa kagubatan.
3. Salin sa Filipino: sa tabi ng pangpang
   Pangungusap: Malamig ang simoy ng hangin sa tabi ng pangpang.
4. Salin sa Filipino: epiko
   Pangungusap: Isa sa mga tanyag na epiko sa Pilipinas ay ang Biag ni Lam-ang.
5. Salin sa Filipino: alamat
   Pangungusap: Ang alamat ng pinya ang isa sa pinakaunang alamat na aking nabasa.

B.

1. Ang araw bago kahapon at ang kahapon ay hindi katulad ng sa ngayon.
2. Ang iyong kaaway na litaw ay mas mabuti kaysa sa kubli.
3. Ang kilos at gawi ng isang tao ay higit na mas mahalaga kaysa sa kaniyang pinagmulan.
4. Ang nagsosolong daliri ay hindi kayang pumatay ng kahit isa mang kuto.
5. Ang mabigat na pasanin ay hindi nakamamatay sa araw na ito ay dalhin.

C. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsasalin
sa Wikang Filipino ng Talata Mula sa Kenya

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Maayos, malinaw, at angkop ang pagkakasalin sa wikang Filipino ng mga talatang binasa | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nagawa at natapos ang dalawang talatang ibinigay sa batayang aklat upang isalin sa wikang Filipino | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagpapatibay sa mga Natutuhan** (pahina 214)

1. Ang mito ng Africa ay nakasentro sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga tao kung saan tinitiyak na ang babasa o makapakikinig nito ay may mapupulot na aral ukol sa kung paano ang mali at tamang gawi ng isang tao. Sa kabilang banda, ang mito ng Persia ay mas nakatuon sa mga bayani at hari na kadalasang sinusubok sa pagpili sa pagitan ng tama at mali, Higit na impluwensiyado ng kanilang relihiyong Zoroastrianismo ang mitolohiya ng Persia. Sa kabilang banda, ang pagkakaparehas ay makikita sa pagtakalay rito ng paglikha ng daigdig.
2. Nakatutulong ang pagsasaling-wika sa pag-unawa at pagpapalaganap ng akdang pampanitikan ng ibang bansa dahil inihuhulog nito ang akda sa wikang kayang unawain ng mga taong nagmula sa ibang lahi o bansa na walang kakayahang unawain ang orihinal na wikang ginamit sa pagsulat ng akda.

*Gawin Natin* (pahina 215)

*Magkakaiba-iba ang output ng bawat pangkat.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Reaksiyon Ukol sa Teksto at Isasagawang Debate

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang reaksiyon ng bawat miyembro ng pangkat | | | | |
| Malinaw, maayos, at makatwiran ang pagpapalitan ng opinyon sa ginawang debate | | | | |
| Naisagawa ang mga batayang ibinigay sa aklat | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| May partisipasyon ang lahat ng miyembro ng grupo | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

*Lagumin Natin* (pahina 215)

1. Nakaramdam ako ng kaliwanagan ukol sa mga mitolohiyang mayroon ang Africa at Persia. Aking nahinuha ang pagkakaiba at pagkakapareho nito sa mitolohiyang mayroon ang Pilipinas.
2. Natuklasan ko na ang akdang tinalakay ay puno ng aral na maaari nating gayahin at gamitin sa pang araw-araw na buhay.
3. 
   a. Ang aral na di dapat ugaliing manlamang sa kapuwa sapagkat darating ang araw na babalik sa iyo ang iyong masasamang ginagawa.
   b. Madaling maunawaan ang mga akda sa ibang bansa kung ito'y isinalin ng tama.

**ARALIN 14**
**Pagsusuri sa Panitikan**
*Simulan Natin* (mga pahina 217 at 218)

A.
1. nagbibigay ng aral
2. pagkakawanggawa
3. pagiging di makasarili

B.
1. Opo hanggang sa ngayon ay popular pa rin ang anekdota sapagkat lagi pa ring nababasa sa mga akdang pampanitikan.
2. Paulit-ulit na ibinabahagi ito sa kapuwa lalo na sa mga bata.

*Pag-aralan Natin* (mga pahina 220 at 221)

1. Salitang-ugat: kuwento
   Kahulugan: isinasalaysay
   Pangungusap: Palaging <u>ikinukuwento</u> sa akin ng aking lola ang tungkol sa kanilang kabataan.
2. Salitang-ugat: tiwala

Kahulugan: nagtitiwala na ito ang katotohanan

Pangungusap: <u>Naniniwala</u> ako na marami pa ring mababait na tao sa mundong ito.

3. Salitang-ugat: labas

   Kahulugan: pumunta sa labas

   Pangungusap: Mabuti naman at <u>lumabas</u> na ang resulta ng inyong pagsusulit.

4. Salitang-ugat: hiram

   Kahulugan: ipinagamit sa iba pansamantala

   Pangungusap: Hindi pinahiram ni John si May ng ballpen kaya wala itong nagamit sa pagsulat.

5. Salitang-ugat: dala

   Kahulugan: tatangayin, bibitbitin, o isasama

   Pangungusap: Hindi ko muna <u>dadalhin</u> ang aking laptop bukas sapagkat masyadong mabigat.

6. Salitang-ugat: tawa

   Kahulugan: nagbibigay aliw

   Pangungusap: Maraming pelikulang <u>katatawanan</u> ang bumebenta rito sa Pilipinas.

7. Salitang-ugat: alaala

   Kahulugan: magunita, maisip

   Pangungusap: Maalaala mo pa kaya ako kapag nagkita tayong muli?

*Pag-isipan Natin* (pahina 221)
*Mga posibleng sagot:*

1. Ang mga katangian ni MND bilang manunulat ay ang kaniyang pagiging patas, malikhain, makatwiran, at komedyante.
2. Kinilala si MND bilang isang mahusay na tagapagkuwento ng anekdota dahil ang kaniyang akda ay nakapupukaw ng interes hindi lamang sa katatawanang dulot nito kundi maging sa mga aral na mapupulot dito.
3. Nakatutulong ang mga anekdota ni MND sa pagkilala sa panitikan at kultura ng mga Iranian dahil inilalahad rito ang mga pang-araw-araw nilang gawain, paniniwala, pagpapahalaga, at tradisyon.
   *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante para sa 4 at 5.*
   *Mga halimbawang sagot:*
4. Ang kalagayan ng lipunan sa panahong isinulat ang anekdota ay hindi pa ganap na maunlad sa aspektong teknolohikal dahil mababatid sa kuwento na ang paraan ng kanilang transportasyon ay lubha pa ring nakedepende sa mga hayop tulad ng buriko.
5. Ang anekdotang binasa ay karaniwang nagwawakas patungkol sa pangunahing tauhan na binibigyang katwiran ang kaniyang winika o ikinilos sa maloko at

komikong paraan. Hindi, dahil upang matawag na Mullah kinakailangan na ang persona ay kapita-pitagan subalit mahihinuha sa kuwento na laging may bahid ng kalokohan o kapilyuhan ang tunggalian ng mga akda.

*Gampanan Natin* (mga pahina 221 at 222)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. "Sukatin Mo!"

| | | |
|---|---|---|
| Paksa | : | sentro ng kalawakan |
| Tauhan | : | Mullah at taong nagtanong |
| Tagpuan | : | tea house |
| Motibo ng awtor | : | magpatawa |
| Paraan ng pagkakasulat | : | malikhain |
| Tunggalian | : | kung nasaan ang sentro ng kalawakan |
| Sariling reaksiyon | : | Nakatutuwa ang anekdota kahit maiksi |

2. "Sino ang iyong Paniniwalaan?"

| | | |
|---|---|---|
| Paksa | : | paghiram ng buriko ng kapitbahay |
| Tauhan | : | Mullah at kapitbahay |
| Tagpuan | : | tarangkahan ng bakuran ni Mullah |
| Motibo ng awtor | : | magpatawa |
| Paraan ng pagkakasulat | : | malikhain, katawa-tawa, at masining |
| Tunggalian | : | kung ipahihiram ba ni Mullah ang kaniyang buriko o hindi |
| Sariling reaksiyon | : | Nakatutuwa ito at mainam ang naging organisasyon ng mga eksena. |

B. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. masaya
2. malungkot
3. nagagalit
4. nagmamayabang

C. *Magkakaiba-iba ang output ng bawat pangkat.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsulat
ng Isang Diyalogo, Aside, Soliloquy, o Monologo

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa at pinanood ang isinulat na diyalogo, aside, soliloquy, o | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| monologo | | | | |
| Maayos, madaling maintindihan, at makatwiran ang ibinigay na sariling opinyon sa napanood | | | | |
| Malinaw ang boses at may tamang bigkas sa mga salita sa ginawang pagtatanghal sa klase | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Alamin Natin* (pahina 223)

1. Oo, tama ang paraan ng pagkakasulat ng talata.
2. Ito ay nakatutulong sa paglilinaw ng konsepto at layunin ng may akda at gawin itong kawili-wili at kaakit-akit sa mga mambabasa.

*Himayin Natin* (pahina 224-225)

A.

1. Angkop ang mga salitang ginamit, wasto ang baybay ng mga salita sa paglalahad ng anekdota
2. Maayos at malinaw
3. Maayos ang paglalahad ng mga pangyayari.

B. *Magkakaiba-iba ang output ng bawat pangkat*. Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsulat ng Orihinal na Anekdota

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Orihinal ang tema at mga bahagi ng | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| anekdotang isinulat | | | | |
| Maayos, malinaw, at madaling maunawaan ang ginawang orihinal na anekdota | | | | |
| Gumamit ng mga natutuhan tungkol sa gramatika, diskurso, at estratehiya sa pagsusulat at pagsasalaysay | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

C. *Magkakaiba-iba ang output ng bawat pangkat*. Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Paglikha ng Isang Komik Istrip

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa ginawang anekdota ang iginuhit na komik-istrip | | | | |
| Malikhain, detalyado, at gumamit ng iba't ibang pangguhit at pangkulay sa ginawang komik-istrip | | | | |
| Kompleto ang anim na *frame* sa | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| ginawang komik-istrip | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika sa mga diyalogo sa komik-istrip | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagpapatibay sa mga Natutuhan** (pahina 225)

1. Ang anekdota ay naglalarawan ng kawili-wiling insidente o pangyayari sa buhay ng tao. Ito ay nag-iiwan ng aral. Madalas ito ay nagsisimula sa personal na karanasan ng may akda. Samantala, ang ibang uri ng akdang pampanitikan ay maaaring nagsisimula sa karanasan ng iba at hindi nag-iiwan ng aral.
2. Nakatutulong ang kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratejik sa pagsulat at pagsasalaysay ng orihinal na anekdota dahil sa pamamagitan nito ay naisasayos at nabibigyang linaw ang mga salita; nagagawang epektibo at organisado ang pagtalakay sa paksa; at naipapasok ang mga estratehiya sa pagsulat upang maging kaaya-aya at kawili-wili ang bawat detalye at ang kabuoan ng akda.

*Gawin Natin* (pahina 225)

Pamantayan sa Pagtataya para sa Paglalahat
ng Nabuong Anekdota Bilang Diyalogo, Aside, Soliloquy, o Monologo

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa ginawang anekdota ang binuong diyalogo, aside, soliloquy, o monologo | | | | |
| Maayos, malinaw, at madaling maintindihan ang binuong diyalogo, aside, soliloquy, o monologo | | | | |
| Maayos ang | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| Malinaw ang boses at tama ang pagbigkas ng mga salita sa ginawang pagtatanghal | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

*Lagumin Natin* (pahina 225)

*Mga posibleng sagot:*

*Natutuhan ko sa buong aralin na* may pagkakaiba-iba ang mga akdang pampanitikan tulad ng anekdota sa maikling kuwento o tula, iba-iba ang paraan ng pagkakasulat, mga elemento, at iba pa.

*Natuklasan ko sa aralin sa gramatika na* dapat gamitin ang kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehiya sa pagsasalaysay at pagsulat ng anekdota.

*Napatunayan ko sa aralin sa panitikan na* maraming dapat isaalang-alang sa paglikha ng anekdota.

**ARALIN 15**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Simulan Natin* (mga pahina 227 at 228)

A. *Mga posibleng sagot:*
  1. ilaw ng tahanan
  2. sandigan
  3. dakila
  4. gabay

B. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*
  1. Ang mga salitang aking ginamit ay matalinghagang paglalarawan sa isang ina.
  3. Ito ay nakapagbibigay ng maganda at masining na paglalarawan sa paksa.

*Pag-aralan Natin* (pahina 230)

1. 1, 2, 3
2. 3, 2, 1
3. 1, 2, 3
4. 2, 1, 3
5. 1, 2, 3

*Pag-isipan Natin* (pahina 231)

1. Ang mensahe sa tula ay ang pagmamahal ng isang ina sa kaniyang anak.
2. Mahalaga ang pangalan ng isang bata sa kultura ng Uganda dahil ito ay nagsisilbing simbolo kung saang lipi o tribu siya nagmula. Pinaniniwawalaan din sa bansang ito na kayang impluwensiyahan ng pangalan ang tadhana ng tao kung kaya labis na lamang ang pagsasaalang-alang nila sa pagpili nito.
3. apoy, espiritu, leopard
   *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante sa 4 hanggang 6.*
   *Mga halimbawang sagot:*
4. Maaari po at maaari ring hindi sapagkat naniniwala ako na ang bawat tao ay nilalang na may natatanging katangian.
5. Ang kaugalian ng mga taga-Uganda na makikita sa tula ay ang pagpapahalaga ng mga ina sa kanilang mga anak. Ipinagmamalaki nila ito at itinuturing na kayamanan na nagbibigay ng kasiyahan at karangalan. Naipakita rin sa tula ang kaugalian ng pagpapangalan sa anak na nilalaanan pa ng hiwalay na araw mula ng pagkasilang. Ito ay tanda na labis na binibigyan ng importansiya ng mga taga-Uganda ang pangalan ng kanilang mga anak.
6. Mahalaga ang pag-aaral ng mga akdang pampanitikan ng Africa, tulad ng sa bansang Uganda, dahil nakatutulong ito upang mahubog ang kamalayan sa iba't ibang uri ng paniniwala, tradisyon, at kultura na magdudulot ng kritikal na pag-iisip at pag-unawa sa buhay ng tao.

*Gampanan Natin* (mga pahina 231 at 232)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Halimbawang sagot:*
Ang awit ng isang ina ay nagtataglay ng mga matatalinghagang salita.

B.

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Simbolo : | apoy sa iyong mga mata |
| | Damdaming nakapaloob: | katapangan |
| 2. | Simbolo : | kamay ng mandirigma |
| | Damdaming nakapaloob: | kalakasan at katatagan |
| 3. | Simbolo : | pilat ng kilay |
| | Damdaming nakapaloob: | pag-aalaala sa pagkakalikha |
| 4. | Simbolo : | buto ng melon |
| | Damdaming nakapaloob: | panibagong sigla |
| 5. | Simbolo : | dambana |
| | Damdaming nakapaloob: | pagmamalaki |

C. *Magkakaiba-iba ang pagsusuri ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

1.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsusuri
ng Isang Video ng Sabayang Pagbigkas

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang pinanood na video | | | | |
| Nasuri ang video batay sa kahusayan sa pagbigkas, tono at diin, at pagkakasabay-sabay ng mga kalahok | | | | |
| Napunan ang lahat ng hinihingi na nakasaad sa batayang aklat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

2.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Sabayang Pagbigkas

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Maayos ang tono at diin, malinaw ang pagbigkas, at sabay-sabay ang mga miyembro | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| May mga kaukulang aksiyon at galaw ang ginawang sabaya ng pagbigkas | | | | |
| May partisipasyon ang lahat ng miyembro ng pangkat | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**
*Alamin Natin* (mga pahina 232 at 233)
*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. Ang tula ay masining at nakapupukaw ng damdamin.
2. Ang mga dapat na isaalang-alang sa pagsulat ng tula ay ang kariktan ng wika, tamang gamit ng gramatika,  sukat, tugma, talinghaga, at simbolismo.

*Himayin Natin* (mga pahina 236 at 237)
A.

1. may sukat na lalabindalawahin – ha/ngad/ pa/lib/ha/sang di/wa/ ko'y/ pi/i/tin,/
2. simbolismo – isang dipang langit
3. talinghaga – sintalim ng kidlat ang mata ng tanod
4. talinghaga–watawat ng aking pagkapariwara
5. simbolismo - kutang malupit

B. *Magkakaiba-iba ang output ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsulat ng Isang Tula

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang nilikhang tula | | | | |
| Maayos at malinaw ang pakahulugan ng mga salitang ginamit sa nilikhang tula | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Sumunod sa panuto na dapat ay mayroong dalawang saknong ang tula na may malayang taludturan | | | | |
| Gumamit ng simbolismo at matatalinghagang pahayag | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

C. *Magkakaiba-iba ang pagsusuri ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan para sa Pagsasaliksik at Pagsusuri
ng Iba't ibang Elementong Taglay ng Tula

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang mga nasaliksik na mga tula | | | | |
| Nauri at nasuri ang mga tula batay sa elementong taglay ng mga ito | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| Malinaw ang boses at maayos ang pagkakabigkas ng mga salita sa naging pag-uulat sa klase | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagpapatibay sa mga Natutuhan** (pahina 237)

1. Mailalarawan ng mga akdang pampanitikan ang kultura ng isang bansa kung ang paksang pipiliin ay nagpapakita ng mga kaugalian, pamumuhay, at tradisyon ng mga taong nananahan doon. Ang mahusay na paggamit ng simbolismo, kariktan ng wika, at iba pang elemento ng tula ay malaki rin ang maiaambag dahil binibigyang-diin at napalulutang nito ang mga ideya ng magsisilbing gabay upang lubos na maunawaan ang kultura sa isang akda.
2. Ang iba't ibang uri ng tula ay ang tulang naratibo, katutubong tula, tulang liriko, at tulang tuluyan. Ang mga elemento naman ng isang tula ay ang sukat, tugma, talinghaga, simbolismo, indayog, at kariktan nito.

*Gawin Natin* (pahina 237)

Pamantayan sa Pagtataya para sa Paggawa ng Awitin Mula sa Tula

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay ang ginawang awitin sa nilikhang tula sa pagsasanay *B* ng *Himayin Natin* | | | | |
| Maayos, malinaw, at angkop ang pagkakalapat ng himig sa ginawang tula | | | | |
| Naayon sa tono ang pagkakabuo ng liriko sa ginawang awit | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

*Lagumin Natin* (mga pahina 237 at 238)

*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Halimbawang sagot:*

Kultura – Tradisyon – Paniniwala – Kalinangan

Mahalagang maunawaan ang kultura, tradisyon, at paniniwala ng bawat bansa dahil ito ang bumubuo sa pag-uugali at kalinangan ng mga taong nakatira dito. Sa pamamagitan ng pag-alam at pag-unawa sa mgas nabanggit ay magkakaroon ng pagpapahalaga ang bawat isa sa yamang mayroon ang kanilang bansa.

**ARALIN 16**

**Pagsusuri sa Panitikan**

*Simulan Natin* (pahina 240)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1.
   a. Lam-ang
   b. Ines Kannoyan
2.
   a. matapang
   b. mapagmahal
3.
   a. tagapagtanggol
   b. iniisip ang kapakanan ng ibang tao
4.
   a. paghanga
   b. tuwa

B.

1. Mahalaga ang pangunahing tauhan bilang bayani sa epiko dahil sa kaniya umiikot ang buong kaganapan ng kuwento at siya rin ang nagsisilbing daan upang maisabuhay ang mga mensahe at ideyang nais na ipahatid ng may akda.
2. Mahalagang maipahayag ng mga tauhan sa epiko ang kanilang damdamin upang higit na maunawaan ng mga mambabasa ang kaugnayan ng kanilang mga sinasalita at ikinikilos sa kabuoan ng kuwento.

*Pag-aralan Nati*n (mga pahina 247 at 248)

1. bariles – troso, matibay, metatag
2. lawa – malaki kaysa sa batis, malamig, anyong tubig
3. datu – matapang, batas, makapangyarihan
4. epiko – kababalaghan, salaysay, akdang pampanitikan, supernatural, saknong
5. sanggol – biyaya, laging gutom, maliit na bata

*Pag-isipan Natin* (pahina 248)

1.
   a. She-Mwindo – sigurista
   b. Mwindo – may kakaibang kapangyarihan
   c. Tiya Iyangura – maawain, maalaga
   d. Mamamayan ng Tubondo - masunurin
2. Ayaw niyang magkaroon ng anak na lalaki sapagkat ayaw nitong magbigay ng dote kapag magpapakasal na ang anak na lalaki.
3. Nagagalit at masama ang kaniyang kalooban dahil ayaw siya ng ama.
4. Ang kalagayang panlipunan ng Congo batay sa akdang binasa ay tradisyonal at di-sibilisado.
5. Ang suliranin na nangibabaw sa akda ay ang diskriminasyon ng ama sa kasarian ng mga anak. Oo, nangyayari pa rin ito sa kasalukuyang panahon dahil patuloy ang hindi patas na pagtingin sa anak na babae at lalaki ngunit ito ay laganap na lamang sa mga lugar o bansang matindi ang sistemang patrilineal.

*Gampanan Natin* (mga pahina 248 at 249)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagbabahagi
ng Damdamin at Saloobin sa Kahalagahan ng Akda

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang pagbabahagi ng damdamin at saloobin | | | | |
| Maayos, malinaw, at makatwiran ang ginawang pagbabahagi ng damdamin at saloobin tungkol sa kahalagahan ng akda sa sarili, lipunan, at daigdig | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

B. *Magkakaiba-iba ang pagsusuri ng mga estudyante*. Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagbibigay
ng puna sa Napanood na *Trailer*

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa pinanood na trailer ang ginawang pagbibigay ng puna | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Nagamit at nasagutan ang gabay na ibinigay sa batayang aklat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

C. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Halimbawang sagot:*

| *Suliraning Nangibabaw sa Akda* | *Kaugnay na Pandaigdigang Pangyayari* |
|---|---|
| *Stereotyping* sa kalagayan ng mga kababaihan bilang tagapagsilbi | Pagsasamantala sa mga kababaihan |
| Pagtatapon kay Mwindo sa ilog | Pang-aabuso sa mga kabataan |

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Alamin Natin* (mga pahina 249 at 250)

1. kasiyahan at pasasalamat
2. Ang mga salita o pahayag na ginamit sa pagpapahayag sa damdaming nangingibabaw sa akda ay ang mga sumusunod: masaya, madamdamin, nakaaaliw, matamis na ngumingiti, natutuwa, malungkot, at tuwang-tuwa.

*Himayin Natin* (mga pahina 251 at 252)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

| | *Gamit* | | |
|---|---|---|---|
| | Pag-anyaya o Pag-imbita | Pagpapaalala at Pagbibigay-babala | Pangako o Panunumbat |
| 1. | Ipinatawag ni She-Mwindo ang kanyang pitong asawa at tagapayo. | “Kung magkakaroon ako ng anak na lalaki, papatayin ko siya.” | “Magiging ama mo ako, at ikaw ay aking magiging anak na lalaki.” |
| | *Gamit* | | |
| | Pagpapayo at Pagmumungkahi | Pagsang-ayon at Pagsalungat | Ekspresyong may Kasamang Pananakot |
| 1. | Hindi ko siya itatapon, ako na lamang ang mag-aalaga sa kanya. | “Napakatalino ni Mwindo! Isang pagkakamali ang di ko pagtanggap sa kanya.” | “Maghukay kayo ng libingan at ilibing siya.” |

B.

1. Pumunta kayo sa aking kaarawan sa Sabado.
2. Huwag kayong lumabas ng bahay, nagkalat ang *virus* sa labas.
3. “Pangako! Sasama ako sa iyo.
4. Bahala ka! Ayaw mong sumunod sa payo ng iyong ina.
5. Mabuti pa ngang umalis na lamang tayo.

**Pagpapatibay sa mga Natutuhan** (pahina 252)

1. Ginamit ang pangunahing tauhan sa epiko ng Congo sa paglalahad ng kalagayan ng kanilang lipunan sa pamamagitan ng pagbibigay dito ng suliranin na karaniwang nararanasan sa kanilang lipunan. Ang pagkakaiba ng pagpapahalaga sa mga kababaihan at kalalakihan ay napalutang dahil na rin sa pagbibigay ng pambihirang lakas at misteryosong pagkatao sa pangunahing tauhan.
2. Mahalaga ang wastong pahayag sa pagbibigay-kahulugan sa damdaming nangingibabaw sa isang akda upang maging malinaw ang mensaheng nais iparating ng nagpapahayag. Kung magkasalungat ang pahayag at damdamin sa isang akda, hindi magiging kapanipaniwala ang kaganapan sa kuwento.

*Gawin Natin* (pahina 253)

*Magkakaiba-iba ang output ng mga estudyante.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Paggawa at Pagpost
ng Isang Talata ng Saloobin at Damdamin sa Akda

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa epikong binasa ang binuong saloobin at damdamin | | | | |
| Maayos, malinaw, at makatwiran ang binuong saloobin | | | | |
| Naiugnay ang binuong saloobin sa sariling karanasan | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Maayos at angkop ang pagkakapost ng pagsusuri sa alinmang *social media* | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

*Lagumin Natin* (pahina 253)
*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. Natutuhan kong suriin ang mga nagaganap sa ating bansa tulad ng kahirapan dahil sa virus.Natutuhan kong mas magiging epektibo ang paglalahad sa pamamagitan ng pagpapakita ng damdamin at higit itong nagiging malinaw at madaling maunawaan kung tama ang iyong mga salitang ginagamit.
2. Nalaman kong di lang pala sa Pilipinas nararanasan ang kahirapan kung hindi sa buong mundo.
3. Ang pakikiisa sa mga taong naghahanap ng solusyon sa mga suliraning nagaganap sa ating bansa.

**ARALIN 17**
**Pagsusuri sa Panitikan**
*Simulan Natin* (mga pahina 255 at 256)
A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. Ang Kalayaan ay hindi mapaghihiwalay.
2. Ang tanikala ng isang mamamayan ay tanikala ng buong bayan.
3. Libreng serbisyong legal para sa mga itim.
4. Matututuhan mong lumaban dahil sa isang dakilang pinuno.

B. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. Si Nelson Mandela ang naging susi sa pagbabago at kalayaan ng South Africa.
2. Si Nelson Mandela bilang isang pinuno ay makatarungan, matapang, may tiwala sa sarili at sa kapuwa, at may paninindigan.

*Pag-aralan Natin* (mga pahina 259 at 260)
*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. tinutustusan: tinutustusan, ginagastusan, salapi
2. sumusulpot: lumilitaw, dumarating, lumalabas
3. tanikala: bakal, kadena, kawing
4. humuhubog: bumubuo, hugis, disiplina
5. pribilehiyo: pabor, benepisyo, oportunidad

*Halimbawang Pangungusap:*

1. Madalas tinutustusan ng kaniyang ama ang mga pangangailangan ni Jenny.
2. Nagulat ang magkakaibigan kapag sumusulpot ang pusa sa bakuran.
3. Malaki ang tanikala na nakakabit sa angkla ng barko.
4. Ang karanasan ang humuhubog sa isang tao upang maging metatag.
5. Maraming pribilehiyo ang ipinagkakaloob ng pamahalaan para sa taumbayan.

*Pag-isipan Natin* (pahina 260)

1. Ang sanaysay ay tungkol sa buhay at pakikipagsapalaran ni Nelson Mandela.
2. Ayon sa awtor ng sanaysay si Nelson Mandela ay isang mahusay at matapang na pinuno na naging simbolo ng pagkakamit ng kalayaan ng mga mamamayan sa South Africa.

   *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante sa bilang 3 hanggang 5. Mga halimbawang sagot:*
3. Nagbigay ng lakas ng loob sa awtor upang lumaban para sa pagkamit ng Kalayaan.
4. Opo. Ang lahat ay may hangganan, mamumulat din ang mga mamamayan sa kanilang kapabayaan.
5. Ang pakikipaglaban para sa kapayapaan. Alisin ang mga mapang-abusong nasa kapangyarihan.

*Gampanan Natin* (mga pahina 260 at 261)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

| *Akdang Pampanitikan* | *Pagkakatulad sa Sanaysay* | *Pagkakaiba sa Sanaysay* |
|---|---|---|
| epiko | Ang pagkakatulad ng sanaysay sa epiko ay ang pagkakaroon ng mga temang nagbibigay aliw at aral sa mambabasa | Ang pagkakaiba ay ang sanaysay ay mas makatotohanan ang nilalaman, samantalang ang epiko ay mas nakahanay sa mga di-makatotohanang pangyayari. |
| maikling kuwento | Ang pagkakatulad ng sanaysay sa maikling kuwento ay ang paksa tungkol sa buhay. | Ang pagkakaiba ay ang taglay na elemento sa pagbuo ng bawat isa. |
| tula | Ang pagkakatulad ng sanaysay at tula ay kapuwa maaaring ipahayag sa masining na paraan. | Ang pagkakaiba ng sanaysay sa tula ay ang paraan ng pagkakalahad dito. May tinatawag na sukat, taludtod, at iba pa sa tula, samantalang ang sanaysay ay nasa malayang daloy ng pagsusulat. |

B. *Magkakaiba-iba ang output ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

Pamantayan sa Pagtataya para sa Paggawa
ng Sanaysay sa Talumpating Napanood

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa pinanood na talumpati ang ginawang sanaysay | | | | |
| Maayos, malinaw, at madaling maunawaan ang sanaysay na ginawa para sa talumpati | | | | |
| Napunan ang mga batayang ibinigay sa aklat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

C. *Magkakaiba-iba ang output ng bawat pangkat. Mga halimbawang sagot:*

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsulat
ng Talumpating Pang-SONA

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang isinulat na talumpati | | | | |
| Maayos, malinaw, at makatwiran ang ginawang talumpati tungkol sa isang paksang panlipunan | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Angkop ang mga datos na nasaliksik at nilalaman ng talumpating pang-SONA | | | | |
| May partisipasyon ang lahat ng miyembro ng pangkat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Alamin Natin* (pahina 261)

1. Ang mensahe ng teksto ay tungkol sa kagandahan ng likas na yaman at kung paano nito sinisimbolo ang mga biyaya mula sa langit.
2. Ang mensahe ay ipinahayag sa masining na pamamaraan na ginamitan ng tayutay at tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag.

*Himayin Natin* (pahina 262)

*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

A.

| *Tuwirang Pahayag* | *Di-Tuwirang Pahayag* |
|---|---|
| 1. Ang South Africa ay may mga likas na yaman na nakatutulong sa pag-unlad nito. | 1. Ang bundok ay isang langit para sa mga mamamayan. |
| 2. Isa sa mga yaman ng bansa ay ang Bundok ng Mafadi. | 2. Ang luntiang dahon ng mga puno ay tila isang bitamina na nagbibigay buhay sa baga ng bawat naglalakad dito. |
| 3. Ito ang pinakamataas na bundok sa South Africa na may taas na 3 450 metro. | 3. Ang halimuyak ng mga bulaklak ay tila pabangong idinadampi sa iyong mga balat at leeg. |

B.

1. Ang bundok ay isang langit para sa mamamayan sapagkat dito sila kumukuha ng kanilang ikinabubuhay.
2. Ang luntiang dahon ng mga puno ay maaaring gamiting gamot sa mga taong may

sakit.
3. Ang halimuyak ng bulaklak ay nagbibigay ng kapayapaan sa tuwing ito'y nalalanghap.

C.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Isasagawang
Maikling Diyalogo, Aside, Soliloquy, o Monologo

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa pinanood na anekdotang "Tsinelas" ni Rizal ang isinulat na maikling diyalogo, aside, soliloquy, o monologo | | | | |
| Maayos, malinaw, at madaling maunawaan ang isinulat na maikling diyalogo, aside, soliloquy, o monologo | | | | |
| Napunan ang mga batayang ibinigay sa aklat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagpapatibay sa mga Natutuhan** (pahina 263)

1. Malaki ang kahalagahan ng mga akdang pampanitikan tulad ng sanaysay sa pagpapalaganap ng panitikan ng Africa dahil nakatutulong ito na mailahad ang tunay na sitwasyon at kaganapan sa kanilang lipunan na pupukaw sa interes ng mga mambabasa na mula sa ibang lipi o bansa upang tangkilikin ang iba pang akdang pampanitikan ng Africa.

2. Mahalaga ang wastong paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pahayag upang mabigyang-diin kung ang mensahe ay tiyak na impormasyon o opinyon na makatutulong sa mambabasa o tagapakinig upang lubos na maunawaan at makagawa ng tumpak na hinuha o konklusyon sa mensaheng natanggap.

*Lagumin Natin* (pahina 263)
*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*
*Paksa:* Panitikan

- Ang kalayaan ay makakamit lamang kung may pagkakaisa ang mamamayan lumaban.
- Kailangang isaalang-alang ang kalidad ng buhay at ang kailangang magpasya tungkol sa mga bagay sa ating buhay.
- Ang pagkakaisa ay magsisimula sa ating mga sarili katulad ng ginawa ni Nelson Mandela.

*Paksa:* Wika at Gramatika

- Mahalaga ang paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag sa isang akda
- Ang mga ito ay nagagamit rin upang makahikayat ng mga tagapakinig o mambabasa.
- Makikita ang pagkamalikhain ng isang mensahe, sulatin, o akda sa tamang paggamit ng tuwiran at di-tuwirang pagpapahayag

**ARALIN 18**
**Pagsusuri sa Panitikan**
*Simulan Natin* (pahina 265)

A. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

Ilan sa mga tradisyong Pilipino na ating ipinagmamalaki ay ang bayanihan o pagtutulungan sa oras ng pangangailangan, ang paghaharana na parte ng panliligaw ng mga Pilipino noon, pagsasalo-salo tuwing may okasyon tulad ng binyag, kasal, pagbibigayan, at paniniwala sa mga pamahiin.

B.

1. Mahalagang unawain ang mga tradisyon ng bawat bansa tulad ng sa Africa upang mahubog ang kamalayan sa uri ng pamumuhay ng sangkatauhan na magdudulot ng kritikal na pag-iisip at malawak na pag-unawa hinggil sa kasalukuyang ikinikilos ng mga tao.
2. Nakatutulong ang kaisahan at pagkakaugnay ng mga ideya sa isang talata sa paglalahad ng mga tradisyon dahil ginagawa nitong organisado at malinaw ang daloy ng mga mensahe at impormasyon na nais ipaabot ng may-akda.

*Pag-aralan Natin* (pahina 269)

1. pangarap - mithiin
2. walang kamuwang-muwang – wala ring kamalayan

3. lumalabnaw – pagkawala ng tiwala
4. sumasagisag – simbolo
5. kasanayan – kakayahan

*Pag-isipan Natin* (pahina 270)

1. Mapagmahal, malakas ang loob, matapang
2. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante sa 2 hanggang 5. Mga halimbawang sagot:*
3. Mahalaga ang katapangan para sa tribong Umuofia dahil dito nila binabatay ang respeto at pagpili ng kanilang pinuno.
4. Ang mga kababaihan sa kultra ng nobela ay hindi binibigyan ng pagpapahalaga katulad ng sa mga kalalakihan at walang marangal na katayuan sa lipunan. Hindi, sapagkat ang bawat tao ay isinilang ng may pantay-pantay na karapatan anoman ang kasarian.
5. Opo, marami nang ganyang pangyayari sa kasalukuyan.
6. Ang pagpapahalaga sa pamilya

*Gampanan Natin* (mga pahina 270 at 271)

A. Markahan ang mga estudyante ayon sa kawastuhan, kakompletuhan, at kaayusan ng kanilang sagot ayon sa binasang diyalogo.

B. *Magkakaiba-iba ang pagsusuri ng bawat pangkat.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsusuri
ng Teoryang Pampanitikan sa Nobelang Binasa

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay ang pagsusuri sa paksang tinalakay | | | | |
| Malinaw, maayos, at may kaugnayan sa akda ang mga isinulat na teoryang pampanitikan | | | | |
| Kaugnay at makatwiran ang ibinigay na sariling reaksiyon sa mga teoryang | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| inilagay | | | | |
| May partisipasyon ang lahat ng miyembro ng pangkat | | | | |
| Malinaw ang boses at maayos ang pagbigkas sa mga salita sa pag-uulat sa klase | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

C. *Magkakaiba-iba ang pagtatanghal ng bawat pangkat*. Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan sa Pagtataya para sa Iskrip ng *Puppet Show*

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay ang ginawang iskrip sa binasang nobela | | | | |
| Malinaw, maayos ang pagkakabalangkas, organisado, at naglalarawan ng tradisyong kinamulatan sa Africa ang ginawang iskrip | | | | |
| May partisipasyon ang lahat ng miyembro ng pangkat | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagsusuri sa Wika at Gramatika**

*Alamin Natin* (pahina 271)

*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

1. Ang pangunahing kaisipan sa banghay na binasa ay tungkol sa pagsasamantala sa kapuwa. Ang mga pang-ugnay na ginamit sa talata ay ang mga sumusunod:

| | | | |
|---|---|---|---|
| at | pero | habang | para |
| na kapag | kaya kahit | ng upang ngunit | dahil |

2. Sa tingin ko po ay hindi ko gagawin ang kaniyang ginawa sapagkat hindi po mareresolba ng isang kasalanan ang isang kasalanang nagawa.

*Himayin Natin* (pahina 274)

A.

| *Pang-ugnay* | *Paliwanag* |
|---|---|
| 1. upang | *Paalala:* Sa bahagi ng paliwanag ay markahan ang mga estudyante batay sa kawastuhan at kaugnayan ng kanilang sagot sa mga ibinigay na pang-ugnay. |
| 2. tulad ng | |
| 3. at | |
| 4. kapag | |
| 5. kung | |

B.

1. Magsisikap ako upang makatulong sa aking pamilya.
2. Siya ay naglalakad tulad ng isang Diwata sa kaparangan.
3. Si Aiza ay awit ng isang kundiman at sasabayan ito ng sayaw ng mga matatanda.
4. Darating ang panahon na magmumulat din ang mga mamamayan kapag sobra na ang pang-aabuso ng mga nasa kapangyarihan.
5. Tiyak na sasama siya kung sasama ka.

C. *Magkakaiba-iba ang output ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

Pamantayan sa Pagtataya para sa Pagsulat ng Panunuring Pampelikula

| *Mga Pamantayan* | *Lubhang kahanga-hanga (9–10 puntos)* | *Kahanga-hanga (7–8 puntos)* | *Katanggap-tanggap (5–6 puntos)* | *May Pagtatangka (1–4 puntos)* |
|---|---|---|---|---|
| Nauugnay sa paksa ang ginawang panunuring pampelikula | | | | |
| Maayos, malinaw, at organisado ang isinulat na panunuring pampelikula | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Gumamit ng angkop na mga pang-ugnay sa isinulat na panunuring pampelikula | | | | |
| Maayos ang paggamit ng wikang Filipino at gramatika | | | | |
| *Kabuoang Puntos* | | | | |

**Pagpapatibay sa mga Natutuhan** (pahina 274)

1. Nakatutulong ang mga akdang pampanitikan, tulad ng nobela, sa pag-unawa at pagpapahalaga sa kultura ng isang bansa dahil sinasalamin nito ang mga gawi, tradisyon, at maging ang relihiyon ng isang lipunan na magdudulot ng higit na pag-unawa sa pagkakakilanlan ng isang bansa. (*malayang pagsagot*)
2. Sa pagsusuri, mahalaga ang paggamit ng angkop na mga pang-ugnay upang mahabi ang ideya sa mga pangungusap at talata na nakatutulong upang maunawaan ng tama ang mensahe ng may-akda.

*Lagumin Natin* (pahina 274)
*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

Tatlong natutuhan sa buong aralin:

- Matutong tumayo sa sariling paa
- Mahalaga ang magkaroon ng edukasyon
- Pagpapahalaga sa relasyon

Dalawang pinahalagahan sa buong aralin

- Pahalagahan ang relasyon ng mag-asawa
- Pagmamahal sa sarili na minsa'y kailangan ding lumaya

Isang nais pang malaman tungkol sa aralin sa panitikan at wika

Ano kaya ang maitutulong ng ating gobyerno at simbahan sa mga problemang inilahad sa akda?

**PANAPOS NA MGA GAWAIN**
**Simulan Natin** (mga pahina 275 at 276)
*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*
A.

larawan 1: Ang batang lalaki ay nababalak sumali sa isang kompetisyon ng palakasan sa kanilang lugar. Nais niyang tulungan ang kaniyang ina sa plano nitong pagtatayo ng gulayan bilang negosyo. Ang kaniyang ina ay lubos na natutuwa sa batang lalaki dahil sa pagsusumikap nito. **"Salamat, anak sa**

**iyong pagsusumikap."** Sabi ng mapagmahal na ina na Araw-araw sumusuporta sa pag-eensayo ng bata.

larawan 2: Walang humpay sa pag-eensayo ang batang lalaki kahit pa siya ay inaalipusta ng kaniyang mga kasabayan. **"Sa liit mong iyan, hinding-hindi ka mananalo sa isa man sa amin,"** ani ng isa sa kaniyang mga katunggali sabay tawa nang malakas. Sa kabila nito ay hindi napanghinaan ng loob ang batang lalaki.

larawan 3: Sa araw ng kompetisyon, ang pagsubok ay ukol sa kung paano nila maililipat ang malaking kalabaw sa kabilang dako. Lubos na natuwa ang mga kalaban ng batang lalaki dahil alam nilang walang panama ang lakas nito sa lakas na taglay ng naglalakihan nilang katawan. **"Kaawa-awang bata, walang pag-asa sa kompetisyong ito."** Wika ng isa sa mga nanonood. Halos mawalan na ng pag-asa ang batang lalaki nang kaniyang marinig ang positibong boses ng kaniyang ina na nagwika ng **"hindi lamang tungkol sa pisikal na lakas ang kompetisyong ito, anak. Gamitin mo ang iyong malusog na pag-iisip."** Nakangiting sabi ng kaniyang ina. **"Tama ka, ina. Salamat sa iyong payo!"** At doon pumasok sa isip ng batang lalaki na upang mapapayag ang kalabaw na pumunta sa kabilang dako, dapat niya ito lansihin ng pagkain. Dahil sa kaniyang estraterhiya ay napagwagian niya ang nasabing kompetisyon.

B.

1. palakasan
2. mahalaga ang diyalogo upang maunawaan ang usapan ng mga tauhan.

**Pag-aralan Natin** (pahina 278)

1. iskrip – ito ay ang binuong teksto para sa isang programa bilang gabay ng bawat tauhan
2. tauhan – ito ang mga taong gumagawa ng kilos sa isang kuwento
3. diyalogo – ito ang tawag sa pagpapalitan ng usapan ng mga tauhan
4. lokasyon – ito ang lugar kung saan ginaganap ang pagtatanghal
5. balarila – isang pag-aaral hinggil sa isang wika at ang tamang paggamit nito
6. screenplay – isang uri ng iskrip na isinulat para sa mga biswal na larangan, tulad ng pelikula at telebisyon
7. dramang panradyo – isang uri ng iskrip na gumagamit ng tagapagsalaysay
8. news script – isang uri ng iskrip na binabasa nang malakas ng tagapagbalita gamit ang *teleprompters*
9. tagapagsalaysay – isang tauhan sa pagtatanghal na naglalahad at naglalarawan ng mga detalye tungkol sa mga tauhan, kapaligiran o tagpuan, at mga eksena na siyang makatutulong upang makabuo ng mga imahen ang mga tagapakinig
10. imahen – ito ay mga larawang diwa na nabubuo sa imahinasyon ng tagapakinig o manonood hinggil sa salaysay ng isang kuwento

**Pag-isipan Natin** (mga pahina 278 at 279)

1. Ang papel na ginagampanan ng isang iskrip sa isang palabas ay sadyang napakahalaga sapagkat dito nakaangkla ang mga kaganapan sa pagtatanghal at kung paano kikilos at magsasalita ang mga tauhan.
2. Sa isang iskrip pinag-uukulan ng pansin ang uri ng programa o pagtatanghal na nais likhain; ang paksa at tema ng programa o pagtatanghal; ang pagtukoy sa mga pangunahing tagapakinig o tagapanood; mga angkop at malinaw na salita at tulong teknikal; at mga iba't ibang batis at mapagkakatiwalaang sanggunian ng impormasyon para sa mga detalyeng gagamitin.
3. Dapat na nasasagot ng isang iskrip ang mga tanong na *ano*, *sino*, *kailan*, *bakit*, at *paano*.
4. Oo, pare-pareho lamang. Kalimitan ito'y nagbibigay ng impormasyon, nagbibigay-aliw, at nagbibigay ng aral.
5. Oo. Ang lahat ay malaya at may karapatang gumawa ng iskrip kung gugustuhin niya.

**Gampanan Natin** (pahina 279)

A. iba't ibang uri ng iskrip
- Screenplay
- Dramang panradyo
- News script
- Diyalogo sa video games
- Educational films at online content script

B. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*
1. Ang screenplay ay mahalaga lalo na sa pelikula at telebisyon.
2. Mahalaga ang kasanayan sa pakikinig sa dramang panradyo.
3. Ang news script ay ginagamit ng mga tagapagbalita.
4. Ginagamit ang diyalogo sa video games upang maging kapani-paniwala ang isinasagawang laro.
5. Ang Educational films at online content sripts ay ginagamit sa pormal na talakayan.

C. *Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Halimbawang sagot:*
Paksa: Dramang Panradyo
Pamagat: Ang Pamilyang Pilipino
Mga bagay na dapat isaalang-alang:
1. mga tauhang gaganap
2. antas ng wikang gagamitin
3. sino ang mga tagapakinig?

**Pagtibayin Natin** (pahina 281)

1. Mahalagang mapag-aralan at maunawaan ang akdang pampanitikan ng mga bansang Africa at Iran upang mahubog at lumawak ang kaalaman sa iba't ibang

uri ng kultura sa daigdig at mapukaw ang interes at pagpapahalaga sa sariling kulturang Pilipino. Ang kamalayan sa akdang pampanitikan ng ibang bansa ay nagdudulot din ng kritikal na pag-iisip at pag-unawa sa kilos at paniniwala ng mga kasalukuyang tao.

2. Nakatutulong ang kaalaman at kasanayan sa wastong pagsasaling wika, pagbibigay-kahulugan sa ipinahahayag na damdamin, pagpapahayag ng sariling pananaw, tuwiran at di-tuwirang paghahatid ng mensahe, at pagkakaroon ng kahusayang gramatikal, diskorsal, at estratehiko sa pagsusulat ng iskrip at panunuring pampelikula dahil nagsisilbing gabay ang mga ito upang makalikha ng isang mahusay at epektibong awtput ang isang manunulat kung saan nailalatag niya ng malinaw at organisado ang mga ideyang nais niyang ipahatid sa mga mambabasa.

**Gawin Natin** (pahina 281)

Markahan ang mga estudyante batay sa pamantayan sa pagtataya sa iskrip at pagtatanghal na makikita sa mga pahina 281 at 282 sa batayang aklat.

**Lagumin Natin** (mga pahina 282 at 283)

*Magkakaiba-iba ang sagot ng mga estudyante. Mga halimbawang sagot:*

3.
- Naunawaan at napahalagahan ko ang kultura't tradisyon ng ibang bansa sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan.
- Natutuhan ko ang tungkol sa mga akdang pampanitikan ng Iran at Africa
- Naunawaan ko ang gamit ng tuwiran at di-tuwirang paghahatid ng mensahe.

2.
- Nakatawag sa akin ng pansin ang konsepto at mahusay na paglalahad ng kanilang mga mito at epiko.
- Nakatawag rin sa akin ng pansin ang tungkol sa iba't ibang paraan ng pagsasaling-wika.

1.

Nais kong itanong kung "ano pa ang ibang akdang pampanitikan sa Iran at Africa at paanong patuloy na nananatili ang mga ito hanggang sa ngayon?"